

المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد
وتوعية الجاليات بالبدعة
Badeea Islamic Center

البدعة
badeea

Islam Bakit ko ito niyakap?

لماذا قبلت الإسلام؟



فلبيني

تأليف :

زينب لوسيرو



Philippine Association of
Muslimah, Dar Al Eeman, Inc.,



**Ang Ikalawang Lathalaing Proyekto
Mula Sa Pamamatnugot ni:**

Sister Zainab D. Lucero
President-PAMDAE



المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالبيعة ، ١٤٢٩هـ

ح

فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية أثناء النشر

لوسيرو ، زينب

لماذا قبلت الإسلام باللغة الفلبينية تجالو . / زينب لوسيرو . - الرياض ، ١٤٢٩هـ

٨٨ ص ، ١٤ × ٢١ سم

ردمك : ٥- -٠٩ -٨٠٢١ -٦٠٣ -٩٧٨

أ . العنوان

١٤٢٩/٦٣٤٢

١- اعتناق الإسلام

ديوي : ٢١٣

رقم الإيداع : ١٤٢٩/٦٣٤٢

ردمك : ٥- -٠٩ -٨٠٢١ -٦٠٣ -٩٧٨



Mga Nilalaman

Pamagat	1
Ang may Patnugot	3
Mga Nilalaman	4
Paunang Salita	5
Pagbati sa mga Bagong Muslim	7
Pablita Sinson	8
Christina Gerada	12
Aida Rojo	15
Salma Domingo	18
Irene Cueto	20
Analiza Tica	23
Aileen Aninon	25
Flor Sara	30
Remedios Romasanta	33
Naura Asa	36
Angelita Manalo	40
Marietta Fajardo	42
Vilma Andig	43
Rose Torralba	45
Susan Sabino	47
Yasmin Hassan	52



Noridiam Abdul Munap	55
Noor Candado	61
Nelia Ulang.....	65
Hazel Romualdo	67
Aminah Adlaon.....	70
Willyn Barangan	72
Tess Roxas	75
Mina Tamani	77
TALASALITAAN	81
PASASALAMAT	83



Sa Ngalan ng Allah Ang Mahabagin, Ang Maawain

PANIMULANG SALITA

Ang lahat ng papuri ay nauukol sa Allah lamang, ang *Rabb* (Panginoon) ng lahat ng nilikha. Nawa'y ang pagpapala at biyaya ng Allah ay mapasa lahat ng Propeta at sa Huling Propetang si Muhammad bin Abdullah, sa kanyang pamilya, mga kasamahan at sa lahat ng nasa tuwid na landas hanggang sa Huling Araw.

Bawat tao ay isinilang na may kinagisnang relihiyon. Maaaring ang relihiyong ito ay minana pa sa kanilang mga magulang o di kaya naman ito ang relihiyon na laganap sa kanyang kapaligiran. Ngunit sa panahon na ang isang tao ay magkaroon na ng sapat na pag-iisip at nagkaroon ng pagkakataon na malaman ang ibang relihiyon at paniniwala ng ibang pamayanan, siya ay nagsisimulang mag-usisa o magtanong tungkol sa katotohanan ng kanyang sariling relihiyon o paniniwala. Maraming katanungan ang sumasagi sa isip ng tao na sadyang nangangailangan ng kasagutan upang magkaroon ng katahimikan ang kanyang puso at isipan. Ilan sa mga katanungang ito ay ang mga sumusunod:

1. **Bakit mayroon pang ibang relihiyon bukod sa aking relihiyon?**
2. **Pare-pareho lang ba ang lahat ng relihiyon?**
3. **Sapat na ba ang maniwala sa Diyos at gumawa ng mabuti para maligtas?**
4. **Bakit ako nilikha ng Diyos dito sa mundo?**
5. **Sino ba talaga ang tunay na Diyos?**
6. **Mayroon ba talagang Paraiso at Impiyerno?**



Ito ang ilan sa mga katanungan na hindi kayang bigyan ng tumpak at tiyak na kasagutan ng lumalaganap na mga relihiyon sa buong mundo maliban sa tunay na nag-iisang relihiyon itinatag mismo ng Nag-iisang Tagapaglikha ng Santinakpan.

Ang **Islam** ay isang salitang arabik na nangangahulugan ng ganap na pagsuko, pagtalima, at pagsunod sa Kautusan ng Tanging Nag-iisang Tunay na Diyos (na ang pangalan ay Allah) at kaakibat ng kalinisan ng puso, karangalan, kababaang-loob, kawanggawa, kapayapaan at higit sa lahat ang tuwirang pagsamba sa Kanya lamang at wala ng iba pa. At ang sinumang nagsasagawa ng lahat ng bagay na umuugnay sa pagsuko pagtalima at pagsunod sa Nag-iisang tunay na Diyos ay tinatawag na **Muslim**.

ANG PAGBATI SA MGA BAGONG MUSLIM

Ako ay lubos na nagagalak at sadyang nakadarama ng malaking kaligayahan sa kaibuturan ng aking puso para sa mga bagong kapatid sa Islam at hangad ko ang pagpapala para sa kanila at hangad ko rin na sila ay mamuhay nang maligaya at mapayapa sa kabila ng maraming pagsubok na dumarating sa buhay.

Sa mga pahina ng aklat na ito ay inyong matutunghayan ang ilang mga kababaihang bumalik sa Islam mula sa ibat-ibang relihiyon at maging nagmula mismo sa Islam. Sila ay magsasalaysay tungkol sa kanilang buhay, mga karanasan at mga pagsubok hanggang kanilang matagpuan ang katiwasayan ng buhay sa pamamagitan ng pagbalik nila sa relihiyong likas na bigay ng Allah ﷻ (Subhanahu wa Ta'ala)¹.

¹ ﷻ (Subhanahu wa Ta'ala): Ang Kataas-taasan.



Nawa'y maging daan ito upang mabuksan ang puso't isipan ng sinumang naghahanap ng tunay na landas ng kaligtasan at kapayapaan, na hindi matatagpuan sa lahat ng relihiyon maliban sa Islam na tanging relihiyon na nagtuturo sa pamamaraan ng tamang pagkilala at pagsamba sa Natatangi at Nag-iisang Tunay na Diyos na kinilala at sinamba ng mga Propeta.

YASMIN "PABLITA" SINGSON

New Visayas, Panabo

Davao del Norte

"....sa ngayon malaki na ang pagbabago sa aking buhay, mga kabutihan na natutuhan ko, lalung lalo na sa pag-iwas sa mga maling gawain. At natutuhan ko ring tanggapin at harapin ang anumang dumating sa aking buhay, mabuti man o masama nang buong puso sapagkat ito ay kaloob ng Allah."

Bago ang lahat taos puso akong bumabati sa lahat ng *"Assalamu alaykum wa Rahmatullahi wa Barakatuh"*. Ako po ay si Sis. Yasmin Singson, isinilang sa San Vicente, Butuan City, Agusan, Philippines. Ang mga magulang ko ay purong Kristiyano at relihiyosong Romano Katoliko. Lumaki kaming magkakapatid sa ganap na pagtuturo ng doktrinang Katoliko. Maraming sekta ang nagsulputan sa relihiyong Kristiyanismo. may Protestante, Sabadista, Mormon, Iglesia ni Kristo, mga Born Again at iba pa. Ito ang dahilan kung bakit nagkaroon ng ibat-ibang pananaw o pamamaraan ng pagsamba sa nag-iisang Diyos na ating Tagapaglikha. Maraming relihiyon ang hindi nagkakasundo tungkol dito. Alin kaya ang tama? Ang



nakagisnan kong relihiyon na Romano Katoliko ang inaakala kong tama at hindi ko nakakalimutan ang sinabi ng aking nanay noon, na huwag maakit sa ibang relihiyon sapagkat ito ang magliligaw sa amin sa tamang landas. Ang pag-aakala ko noon ang Diyos ng mga Muslim ay iba sa diyos ng mga Christians.

Taong 1989 nang ako ay magtungo sa Jeddah, Saudi Arabia. Kakaiba ang naramdaman ko, napakatahimik at malinis na bansa kung ihahambing sa aking pinanggalingan. Wala akong nakikitang mga tindahan ng alak, kabaret at iba pang mga malalaswang lugar. Iyon ang unang hinahangaan ko sa Saudi Arabia. Nabigla din ako nang una kong marinig ang Adhan¹. Napag-alaman ko na yon pala ay panawagan kapag oras na ng pagdarasal ng mga Muslim. Paglipas ng ilang mga buwan inalok ako ng aking employer na mag-Muslim. Tumanggi ako at binalewala ko yong mga paliwanag niya tungkol sa Islam, dahilan sa pag-aakalang iba nga ang Diyos na sinasamba nila. Mabilis na lumipas ang mga araw at buwan hanggang nagpasiya na akong umuwi sa Pilipinas na hindi ko binigyan ng panahon ang mga sinabi sa akin ng aking pinaglilingkuran tungkol sa Islam.

Subalit bunga ng matinding kahirapan ng buhay sa Pilipinas ako ay muling nag-apply ng trabaho at ako ay napadpad dito sa Riyadh, Saudi Arabia.

1993 pumunta ng Canada ang aking pinaglilingkuran at doon na nanirahan kung kaya't napilitan silang ilipat ako sa ibang employer. Ang mga bago kong employer ay mga debotong Muslim. Binigyan nila ako ng ilang babasahin tungkol sa Islam at mga Islamic tapes. Hindi ko binasa o pinakinggan ang mga ito at yung mga tapes ay

¹ Adhan: ito ang pagtawag kapag dumating ang oras ng pagdarasal sa pamamagitan ng pagsigaw ng **Allahu Akbar 4X** (Ang Allah ay Dakila), **Ash-hadu anla ilaha illallah 2X** (Akoy sumasaksi na walang tunay na Diyos maliban sa Allah), **Ash-hadu anna Muhammadan Rasulullah 2X** (Akoy sumasaksi na si Muhammad ay Sugo ng Allah), **Hay alas-Salah 2X** (Halina sa pagdarasal), **Hay alal Falah 2X** (Halina sa tagumpay), **Allahu Akbar 2X** (Si Allah ay Dakila), **La ilaha illallah** (Walang tunay na Diyos maliban sa Allah).



pinatungan ko ng love songs na narinig ko sa radyo. Hanggang sa dumating ang sunud-sunod na mga matitinding problema, na halos lumuha ako ng dugo na para bagang hindi ko na makakayanan pa. Napansin pala ito ng aking pinaglilingkurang Muslim na babae at tinanong ako kung ano ang aking problema. Nasabi ko ang aking problema sa kanya at lahat ng mga himutok at hinanakit sa buhay. Sinuklian niya ito ng ngiti at pagtapik sa aking balikat sabay sabi na lahat raw ng ito ay mga pagsubok. Banayad rin niya akong pinayuhan. Napakaganda ng kanyang mga payo at sinabi niya kung ano ang kabutihan ng Allah na Siyang dapat na dulugan ng mga suliranin dahil Siya rin ang may kakayahang tumulong.

Kinabukasan isinama niya ako sa bangko at kumuha siya ng pera. Lingid sa aking kaalaman na ito pala ay ipapadala niya sa aking pamilya at hindi na rin niya ito pinabayaran sa akin. Ako ay labis na humanga sa kanyang kabutihan. Tahimik lang siya at laging may ngiti sa kanyang mga labi. Ang napansin ko sa kanya, lagi siyang nagbabasa ng Qur'an. Tuwing bago magdarasal naghuhugas muna siya at nagtatakip ng buong katawan maliban sa mukha at kamay. Dahil dito unti-unti akong nagkaroon na pagnanais na pag-aralan ang kanyang relihiyon. Bakit ganito ang mga taong ito seguro maganda ang kanilang relihiyon? Hanggang sa nagpasya akong magpaturo magdasal dahil pakiramdam ko ay napakasarap ng kanyang ginagawa tuwing nagdarasal siya lalo na kapag nagpapatirapa.

May isang pagkataon na iniwan ako ng aking employer sa kaibigan niyang prinsesa habang sila ay nasa bakasyon. Mabait din ang prinsesa sa akin at isa rin siyang relihiyoso. Tuwing mag-adhan tinatawag niya ang mga katulong na Muslim upang sabay silang magdasal, samantalang kaming dalawang Kristiyano ay naiwan sa kuwarto. Nababagabag ang puso ko tuwing ginagawa nila ito. Sa isip ko mabuti pa sila at nagdarasal, how about us? Sa puntong ito, naisipan kong kunin ang isinulat kong transliteration ng Qur'an na idinikta ng prinsesa. Nahirapan akong talaga sa pagbigkas ng mga



katagang arabik at nasabi ko: “O Diyos ko, naniniwala po ako na iisa lang ang Diyos, ang Tagapaglikha ng lahat, tulungan Mo po ako – kung katotohanan man itong Islam, gawin mo pong madali sa dila ko ang pagbigkas ng mga wikang Arabe para ako’y makapagdasal na po nang tulad nila.” Pagkalipas ng mga araw nakabisado ko ang ilan pang kabanata sa Banal na Qur'an pati na rin ang pagdarasal o pagsasalah. Hindi na ako nagdalawang isip noon at napagpasiyahan kong sabihin sa prinsesa na ako ay handa ng mag-*Shahada*¹ o manunumpa na walang ibang dapat sambahin maliban sa Allah at si Muhammad ang pinakahuling Propeta. Pagkarinig ng prinsesa tungkol sa aking desisyon, agad niya akong pinahatid sa isang Islamic Da’wah & Guidance Center. Talagang kakaibang kagalakan ang aking naramdaman noong ako ay mag-Shahada.

Sa wakas natagpuan ko rin ang tamang pananampalataya. Ang tunay na relihiyon magmula pa sa lahat na mga naunang Propeta (Adam, Noah, Ibrahim, Moises, Jesus at marami pang iba sumakanila ang kapayapaan) at ang pinakahuling propeta na si Muhammad ﷺ (Sallallāhu Alayhi wa Sallam). Noon ko rin napag-alaman na iisa lang ang turo ng mga Propeta – ang sambahin ang nag-iisang Tunay na Diyos, ang Allah ﷻ, ang Tagapaglikha ng lahat, Tagapagtustos sa pangangailangan ng lahat, ang Tanging Nakakaalam sa lahat ng nangyari na, nangyayari at mangyayari pa sa lahat ng nilikha – nakatago man o nakalantad, ang Walang Katulad. Ako ay labis na nagpapasalamat kay Allah ﷻ at binuksan Niya ang puso ko at isipan sa katotohanan upang ako mamuhay ng payapa dito sa mundo at makamit ang tagumpay sa Kabilang-buhay.

¹ Shahada: ang pagbigkas ng mga katagang **Ash-hadu anla ilaha illallah wa ash-hadu anna Muhammadan Rasulullah** (Akoy sumasaksi na walang tunay na Diyos maliban sa Allah at si Muhammad ay Sugo ng Allah) ito ang binibigkas ng sinumang nagnanais na yakapin ang Islam.



Sis. Ahlam "Cristina" C. Gerada
Brgy. Candumarao, Hinigaran
Negros Occidental

"...Ang labat ng gawaing iyon ay hindi lingid sa kaalaman ng aking pamilya. Nasubaybayan nila ang bawa't galaw at gawain ko na may kaugnayan sa Islam. Napapansin nila ang pagbabago ng aking pag-uugali, pananalita, kilos at pananamit."

"Ang Islam ay relihiyon na ipinagkaloob ng Allah sa sanlibutan at walang ibang relihiyon na maaring maggabay sa tamang landas maliban dito. Ito ang nag-udyok upang yakapin ko ang Islam."

Ako po ay mas kilala sa pangalang Christine. Masayahin ako at palakaibigan ngunit sa kabila nito ay iba't-ibang klaseng pagsubok sa buhay ang aking naranasan. Mabilis nag-mature ang aking isipan seguro itoy dahil na rin sa ako ang panganay sa magkakapatid. Kadalasan ay ako ang halos nagpapasan ng mga responsibilidad ng aming pamilya dahil ako ang itinuturing na "bread winner" ng pamilya.

Magsasaka ang aking mahal na ama at mananahi naman ang aking butihing ina. Sa tulong ng aking mga tiyuhin at tiyahin at sakripisyo na rin ng mahal kong lola ko ay nakapagtapos ako ng kursong "Nursing". Pinangarap ko noon pa man ang mangibang-bansa para magtrabaho at kumita ng malaki. Kaya naman noong kasalukuyan pa akong nagtatrabaho sa RHU, Dasmariñas, Cavite ay sumubok na akong mag-apply sa iba't-ibang agency papuntang abroad. Sabay-sabay halos ang mga offer na dumating ngunit naunang mabigyan ako ng visa papuntang Saudi Arabia. Kahit marami akong naririnig na negative feedbacks about Muslim Arabs, nasabi ko na lang sa sarili ko, "bahala na ang diyos sa akin."



May 2001 ng dumating ako sa Riyadh, Saudi Arabia. Hindi ako katulad ng karamihan na dumanas ng “homesickness” dahil nakasanayan ko na hiwalay sa mga magulang kaya madali akong nakapag-adjust at nakihalubilo sa iba’t-ibang klase ng tao.

Mabilis na lumipas ang mga araw at dumating ang buwan ng Ramadan. Naisipan kong subukan na sumabay mag-fasting sa aking dalawang kasamahang Muslim sa accommodation. Bagamat ako ay nahirapan, nakumpleto ko rin ang buong buwan at ibang-iba ang pakiramdam ko. Pagkatapos ay nasimula akong subukan na basahin ang mga pamphlets at libro na ibinibigay sa akin ng mga ‘mutawwa’¹ sa aking pinapasukang trabaho. Ikinukumpara ko sa ‘bible’ na aking naipuslit papasok ng Saudi Arabia. Pinakinggan ko rin ang mga cassette tapes at isa na rito ang “The Purpose of Life.” Paminsan-minsan, pinakikinggan ko rin ang tapes ng Qur’an kahit hindi ko ito maintindihan subalit nakakagaan ng pakiramdam.

May isang pagkakataon, dinala ako ng aking kaibigan sa opisina ng Dar Al Eman, isang paaralan ng mga muslim at doon ipinakilala ako kay Sister Zainab Lucero. Magalak niya akong tinanggap at ipinakausap niya rin ako sa isang sister na nagngangalang Aisha Sison. Nag-usap kami tungkol sa aking buhay at napaiyak pa kami sa mga malulungkot kung karanasan. Ang hindi ko alam, iyon na pala ay tinatawag na Da’wah². Ipinaliwanag niya sa akin na hindi sapilitan ang pagyakap sa Islam, kailangang ito ay bukal sa aking kalooban at taos sa puso na tatanggapin sapagkat hindi ito isang biro. Maraming dapat matutunan at pag-aaralan upang maisabuhay ang Islam. Sa mga oras na yaon ay nagpasya akong magsaksi sa bagong relihiyong natagpuan. Kung kaya ako ay nagpasya na tuluyan nang tanggapin ang Islam at ako ay nag-SHAHADA sa araw ding iyon.

¹ Mutawwa: ito ang mga taong nag-uutos ng mabuti at nagbabawal ng masama.

² Da’wah: ang pagtawag tungo sa Allah.



January 2002 nang tanggapin ko ng buong puso ang Islam. Habang binibigkas ko ang mga katagang **“Ashhadu anla ilaha illallah wa ashhadu anna Muhammadan Rasulullah”** ay kakaiba ang kasiyahan na aking naramdaman. Hindi ko talaga maipaliwanag na nanginginginig ang buo kong katawan at tumutulo ang aking luha at parang may nawalang mabigat na bagay sa aking dibdib. Nabigla ang karamihan sa mga kasamahan ko at kaibigan at lalo na ang aking pamilya. Ipinaliwanag ko sa kanila na talagang nakatadhana na itong mangyari kaya paunti-unti nilang naintindihan at tinanggap. Totoong maraming pagsubok na darating sa pagbabalik-Islam. Minsan may pagkakataon na taliwas sa Islam ang ginagawa ng aking mga kapwa Muslim sa akin na ito ay aking dinaramdam.

Pagkalipas ng apat na buwan, ako ay nakapag-asawa. Sinasabing kapag ang isang Muslim ay nakamit ang kalagayang na ito ay nakamit niya ang kalahati ng kanyang pananampalataya. Samakatuwid, ito ay biyaya mula sa Allah . Kung nabigla ang aking mga magulang sa aking pagpasok sa Islam, ngayon naman natakot sila para sa akin dahil ako ay nag-asawa at higit sa lahat ibang lahi ito (Lebanese). Alhamdulillah¹, sa awa ng Allah maayos naman ang aming pagsasama at sa lahat ng oras lagi siyang sumusuporta sa aking pag-anyaya sa mga tao tungo sa Islam.

Ang lahat ng gawaing iyon ay hindi lingid sa kaalaman ng aking pamilya. Nasubaybayan nila ang mga gawain ko na may kinalaman sa Islam. Halos araw-araw ay nakamasid at nakaabang sila sa akin. Napapansin nila ang pagbabago ng aking pag-uugali, pananalita, kilos at pananamit. Maging ang mga nakaugaliang tradisyon ay aking isa-isang iniwasan, lalo na kung ito ay may kinalaman sa mga pagdiriwang tulad ng kaarawan, anibersaryo, fiesta, binyag, araw ng mga patay, pasko, bagong-taon at araw ng mga puso dahil ang mga ito ay walang batayan na ginawa ito ng mga naunang propeta. Hindi

¹ Alhamdulillah: “ang papuri ay para sa Allah.”



ko namalayan ang malaking 'impact' nito sa aking dalawang nakababatang kapatid. Laking gulat ko nang umuwi ako mula sa pagdalo ng Islamic Conference na idinaos sa Dusit Hotel, Makati City, dahil nagtanong ang aking kapatid na lalaki (pang-apat sa aming 6 na magkakapatid) kung paano ba ang maging Muslim. Lingid sa aking kaalaman, siya pala ay matagal ng nagbabasa ng mga 'Islamic books' at pamphlets. Di naglaon niyakap na rin niya ang Islam sa pamamagitan ni Sister Zainab Lucero. Makaraan ang isang buwan, nagdesisyon na rin ang isa ko pang kapatid na babae, na siyang bunso sa aming magkakapatid na yakapin ang Islam. Alhamdulillah-Rabbil Alamin (Ang papuri ay para sa Allah ang Panginoon ng lahat ng nilikha).

Sa aking pagbabalik sa Saudi Arabia, dama ko ang ginhawang dulot ng tagumpay sa pagpapalaganap ng Islam lalo't higit sa aking mga mahal sa buhay. Ang pagiging Muslim ko ay isang kaganapan sa aking buhay na hindi ko pinagsisihan bagkus aking lubos na pinasasalamatan ang Tagapaglikha sa gabay na Kanyang ibinigay sa akin upang matagpuan ko ang tuwid na landasin na kasalukuyan aking tinatahak.

AISHA (Aida Rojo) CAYANONG

**Apopong, General Santos City
Mindanao, Philippines**

"... Ang Al-Fatiha (Pambungad na Kabanata sa Banal na Koran) na siyang matatawag ko na "My Stairway to Islam"."



“Assalamu alaykum wa Rahmatullahi wa Barakatub.”

Ang mangarap, minsan ay tunay na hindi mali. Lalo na kung puro paghihirap ang dinadanas sa buhay na ito ang dahilan kung bakit napadpad ako dito sa Gitnang Silangan, upang magsikap at mahanap ang kaginhawahan ng buhay. Salamat sa Allah at hindi ako nabigo. It was midnight of September 29, 1999 when I arrived in Riyadh Airport and my first time to meet my employer. He brought me in his residence, my place of work. When we reached home, it was time to take rest considering that I traveled 9 hours from the Philippines. I was so tired that I went to sleep in deep slumber. It was 9:00 in the morning when I woke up ---very late that I was so scared because I suddenly remember that I was no longer in my home so I stood up quickly. Paglabas ko ng room, I checked around but no one was there, the doors are locked. Inumpisahan ko na agad ang magtrabaho sa loob ng bahay at ng tingnan ko ang orasan alas dose na pala ng tanghali . Kasabay nito bigla akong nagulantang sa aking narinig sa labas ng bahay na pagkalakas-lakas na sigaw na hindi ko maintindihan dahil wikang banyaga para sa akin at ang boses na ito ay muling naulit ng marami pang beses makalipas ang ilang oras at ang pinagtatakhan ko na ito ay kusang nahihinto pagkaraan ng ilang saglit. I was so confused of the sound so I kept asking myself where that sound was coming from. Days passed and I called a friend and ask her about the sound that I kept hearing everyday at the same time, 5 times a day. She told me that it was the ADHAN or call to prayer for Muslims.

Ang tinig na bumabagabag sa akin noon ay nagkaroon na ng liwanag at tinanong ko na rin kung sino yung may isa pang tinig maliban sa Adhan na para bang umaawit pero sa salitang Arabe. Ang sabi sa akin ng aking kaibigan yun daw ang Imam na siyang nangunguna sa pagdarasal sa masjid. Simula noon at tuwing naririnig ko ang adhan ay kakaiba ang aking nararamdaman na para bang ako ay nakalutang sa ulap and sometimes its like I was walking on the endless aisle and



no one was stopping me. I don't know why everytime I hear the prayer of that man who was reciting particularly the Opening Chapter of the Holy Qur'an (Al-Fatiha) I feel fresh. And even though I was not a Muslim, I always try to follow him. Until the time comes that when I hear the prayer I felt something in my heart, which I couldn't explain why?

Tinanong ko ang kapatid na babae ng aking employer how to become a Muslim. Kahit kakaunti pa lang ang nalalaman ko tungkol sa Islam nanaig ang kagustuhan ko na maging Muslim at ito ay labis na ikinatuwa ng aking employer at ng kanyang pamilya. Nasabi ko sa sarili ko it is time for me to move on. Dinala ako sa Call and Guidance Office of Sulay for my Shahada. That was 16 of December 2000 and during the Holy month of Ramadan.

Gumaan ang aking pakiramdam sa pagtanggap ko sa Islam. Al-Fatiha, The Opening Chapter of the Holy Qur'an, opened my heart and enlightened my spirit. I studied every word of the opening chapter and that makes my faith grow stronger. I believe in the Oneness of Allah without any doubt. It is also written in the Holy Qur'an in Surah Al Ma'idah (5:3). Allah says: ***"This day I have perfected for you your religion and completed My favor upon you and have approved for you Islam as religion."***

And in Surah Ali-Imran (3:85) Allah ﷻ says: ***"And whoever desires other than Islam as religion – never will it be accepted from him, and he, in the Hereafter, will be among the losers."*** These were written in the Holy Qur'an which becomes proof of what I believe and the reason why I embraced Islam. I have firm belief that Allah will always guide me to the Right Path for He has chosen me to be a Muslim. Alhamdulillah-Rabbil-A'lamin. At present I am a regular student at Dar Al Eman in Riyadh, Kingdom of Saudi Arabia. I am attending Islamic Studies including training on how to call



people to Islam. Noong una hindi ko kayang humarap sa tao subalit nalagpasan ko ito sa pamamagitan ng exposure na binigay ng mga namamahalang Filipino sisters sa paaralan ng Dar Al Eman ng isalang kami sa public speaking (part of our training as Daiyah¹). Nagbakasyon ako sa Pilipinas at dito ko nasubukan ang pagiging Daiyah ko through the office of the Philippine Association of Muslimah, Dar Al Eeman, Inc. o PAMDAE, INC. General Santos City Branch. Napakaganda ng aking naging karanasan sa pag-uwi kung ito (September – November 2006) at sana maging inspirasyon din ito sa mga iba ko pang sisters na bigyan ang sarili nila ng pagkakataon na mag-aral sa napakalawak na aralin tungkol sa Islam upang gampanan ang pagpapalaganap nito. Alhamdullilah, Allahu Akbar.

SALMA DOMINGO

Sta. Barbara, Pangasinan

"...nararamdaman ko na tanging ang Allah lamang ang Siyang gumagabay sa akin at pinatitibay Niya ang aking kalooban at binibigyan Niya ako ng lakas sa buhay upang makapagpatuloy ako sa aking trabaho na siya kong pinangtataguyod sa aking mga minamahal na anak."

Ang lahat ng papuri ay sa Allah lamang, Siya na ating niluluwalhati, hinihingan ng tulong at kapatawaran. Ako si Salma "Salome" Domingo taga Sta. Barbara, Pangasinan, dating Kristiyano at kaanib ng Apostolado ng Panalangin at kaanib din ng Couples for Christ.

¹ Daiyah: Taong nanawagan tungo sa Allah.



Noong nasa serbisyo pa ang aking asawa ay yumakap na siya sa Islam. Ako ay nagalit sa kanya dahil nagdarasal siya na walang rebulto ng santo sa harap at napagsabihan ko pa siya na sira-ulo. Mabait lang talaga ang asawa ko at hindi ako pinatulan kahit na sinabihan ko pa siya na sira-ulo. Subalit hindi ko siya tinigilan hanggang hindi siya umalis sa Islam kahit nakiusap siya na hayaan ko lang daw siyang magdasal ng ganoon at balang araw daw baka ako rin ay magdasal ng katulad niya.

Kaya pagpunta ko dito sa Saudi Arabia ay hindi ko sukat akalain na yayakapin ko ang Islam. Gulat na gulat ako ng una kong narinig ang Adhan dahil ang lahat ng paligid ko ay maingay at sabi ko pa sa sarili ko ay “ano kaya yun.” Ang pagkakaintindi ko sa sinasabi ay ‘Allah white bar’. Nagtanong ako sa alaga ko kung ano ang sinasabi, yun pala ay “Allahu Akbar” na isinisigaw tuwing magsisimula na magdasal ang mga Muslim. Sabi ko sa sarili ko magdarasal din ako tulad ng mga Muslim at nagpapaturo ako sa alaga ko pero tinanggihan niya ako dahil hindi raw ako Muslim. Minsan tinatanong ako ng alaga ko kung sino ang diyos ko at ang sagot ko sa kanya ay si Jesus. Minsan ay nainis na ako sa katatanong niya kaya minsan ay hindi ko na siya sinasagot. Isang araw, nasabi ko sa alaga ko na gusto ko ng mga aklat tungkol sa Islam para malaman ko kung sino ang sinasabi niyang diyos. Kinabukasan binigyan nila ako ng mga babasahin tungkol sa mga turo ng Islam. Isang araw ay may nadatnan akong sulat sa mesa, galing sa aking employer na babae. Ang sabi kami daw ay may pupuntahan para mag-aral ng Islam. Kinabahan ako kasi wala akong ideya kung ano talaga ang gagawin sa akin doon. Pagdating ko sa paaralan ay may lumapit sa akin at tinanong ako kung handa na ako na yakapin ang Islam bagamat talagang nabigla ako pero “bahala na” ang sabi ko sa sarili ko susubukan ko lang. Kaya ang sagot ko ay OO para tuluyan ko na talagang malaman kung sino ang diyos na sasambahin ko at kahit papaano ay naitindihan ko na rin ang mga nabasa ko tungkol sa Islam.



Noong June 11, nang yakapin ko ang Islam at naalaala ko ang aking mahal na asawa na bumitiw sa pagiging Muslim dahil sa sobra ang pagbubunganga ko sa kanya tuwing nagdadasal na dahilan upang mapilitan siya na sumama sa akin sa Couples for Christ. Sa pagyakap ko ng Islam ay hindi ko pinagsisihan dahil marami akong natutunan at maraming bagay ang nagbago sa akin dahil dito ko naramdaman ang tunay na pagkatakot sa Diyos. Dati akong mabunganga, mapagmura, at bihira din akong makaalaala sa diyos kahit na ako member ng Apostoloda. Kaya laking tuwa ng pamilya ko at di na ako nagmumura pati ang mga kamag-anak ng asawa ko ay natuwa din. Higit sa lahat ay ang Nanay ko kasi dati ay hindi ako nagdarasal.

Ngayong Muslim na ako, ay napatunayan ko na talagang tanging ang Allah lamang ang Siyang gumagabay sa akin at pinatitibay Niya ang aking kalooban at binibigyan Niya ako ng lakas sa buhay upang makapagpatuloy ako sa aking trabaho na siya kong pinangtataguyod sa aking mga mahal na anak. Sa aking pagiging Muslim sisikapin ko rin na maituwid ang pananampalataya ng mga pamilya ko sa tulong ni Allah.

AISHA "Irene" CUETO
Tallungan, Aparri, Cagayan

Sa ngalan ng Allah, ang Mapagpala, ang Mahabagin. Ako po si Aisha Cueto, niyakap ko ang Islam noong October 2000. Katoliko ang aking nakagisnang relihiyon. Sa Catholic school ako nag-aral. At kahit papaano ay sinikap ko namang gampanan ang obligasyon ko



bilang Katoliko. Nagsisimba, nagrosaryo, nagbabasa ng bible, nangungumpisal tuwing 1st Friday of the month, sumasama mga retreats, sumali rin ako sa choir. At madalas ko ding naisip na 'magmadre na lang kaya ako.' Kadalasan nagbabasa ako ng bible noon. Yung New Testament nabasa ko na ng paulit-ulit. Pero yung Old Testament hindi pa, kasi sabi ng mga madre mas importante daw yung New Testament. Subalit ninais ko pa ring basahin ang Old Testament dahil doon nakasaad ng malinaw na bawal gumawa ng mga bagay-bagay upang sambahin.

Kaya naman isang araw ng pasko na ang tradisyon ay pupunta sa ibat-ibang simbahan para humalik sa imahen ng Sto. Nino ay naisip ko na 'di kaya kasalanan itong ginagawa ko?' At isang ang araw na bigla akong nakaramdam ng pagka-inip sa buhay ko. Yung hinihintay kong pagtungo sa U.S.A. para magtrabaho ay nagkaroon ng recession kaya ng yayain ako ng aking kaibigan na mag-Saudi ay pumayag na lang ako para maiba naman kahit papaano.

Mga tatlong araw pa lang kami sa Riyadh ay naimbitahan agad kami lahat sa pinapasukang kong clinic ng mga Muslim na babae sa pangunguna ni Sister Zainab Lucero upang ipagdiwang ang araw ng Eid (Taunang Pagdiriwang) sa Riyadh Zoo. Sa araw na iyon una naming narinig ang tungkol sa Islam. Pagkatapos kong makinig ay hindi ko maikaila sa aking sarili na may katotohanan ang sinasabi ng relihiyon na ito. Subalit hindi pa ako lubusang nakumbinsi sa mga panahong yun. Lumipas ang mga araw at buwan na hindi na ito nasundan kaya nawala na rin ito sa isip ko. Hanggan minsan may pasyente na nagbigay ng pamphets sa aming clinic na tungkol sa Islam. May nagbigay din sa akin ng Noble Qur'an. Sinimulan ko na basa-basahin ito ng paunti-unti.

Araw-araw ay namamangha ako sa mga nababasa ko tungkol sa Islam at sa mga katuruan nito tulad ng pagsasalah (pagdarasal), ang fasting, at ang Dhikr o pagsambit ng mga Muslim sa mga pangalan ng Allah.



Akala ko noon walang relihiyon dito yun pala mas relihiyoso pa ang mga tao dito dahil limang beses sila kung magsalah, isang buwan sa isang taon kung magfasting, madalas ang pagsambit sa pangalan ni Allah. Kaugalian din nilang magbigay galang sa pamamagitan ng pagbati ng katagang “As-salamu alaykum” sa isa’t isa. Ang ibig palang sabihin ay “Sumaiyo ang kapayapaan.”

Sa totoo lang nagsimula akong mainggit sa kanila na mga Muslim, mas malapit sila sa Panginoon kaysa sa akin. At ako ay nalulungkot tuwing ako ay maiiwang mag-isa at silang lahat ay nagsasalah lalo na kapag sinasabi sa akin ng aming manggagamot na “Inshallah (Allah willing) you will join us for prayer.” Hanggang dumating ang pinakahihintay ng lahat na walang iba kundi ang bakasyon. Hindi ko makalimutan ang kaligayahan kung naramdaman dahil sa sobrang excitement ko na muling maging malaya sa Pinas.

Agad akong pumunta sa simbahan upang ire-charge ko ang aking relihiyon na NAYANIG ng pag-aaral ko tungkol sa Islam ngunit laking gulat ko ng hindi ko na mapilit ang sarili ko na sumunod sa mga rituals na kinagisnan ko. Kaya naman hindi pa tapos ang misa ay lumabas na ako at hindi na ako muling bumalik pa.

Nang bumalik ako sa Saudi ay nagpatuloy ako sa pagbabasa ng Noble Qur’an hanggang sa isang araw ay mabasa ko ang Surah Ali-Imran at di ko mapigilan ang mapaluha dahil ipinakita sa akin ng Allah ﷻ ang katotohanan. Ako ay yumakap sa Islam bago sumapit ang buwan ng Ramadan. Hiniling ko sa Allah na Inshallah ay makapag-asawa ako ng isang Muslim na gagabay sa akin at Alhamdullilah agad itong natupad. Kaya naman kahit na anong pagsubok ang dumating sa buhay ko ay masasabi kong Alhamdullilah dahil ako ay nasa tamang landas and the reward is with Allah ﷻ. Niyakap ko ang Islam dahil sa paniniwalang ito ang tunay na relihiyon na ang sinasamba ay ang nag-iisang Tunay na Diyos, si Allah ﷻ.



AISHA (Analiza Tica) CRUZ

Zapote, Las Pinas City

Ako po si Analiza Tica Cruz na kilala ngayon sa bilang Aisha Cruz taga Zapote Las Pinas City, dating Kristiyano lumaki sa pamilyang madasalin at nagrorosaryo, pala-simba at pala-novena sa Birhen Maria at Nazareno. Ito ang aking nakamulatan na relihiyon sa aking magulang. Ang aking asawa ay si Jesus S. Cruz na dati ring Kristiyano at kilala na ngayon sa pangalang Muhammad Cruz taga Ligas 3, Bacoor, Cavite, nagtatrabaho sa Al Batha Islamic Center, Riyadh, Saudi Arabia bilang Da'iyah o nag-iimbita sa mga tao tungo sa Islam.

Hindi ko inaasahan na bibigyan ako ng aking Ate nang ka pen-pal mula sa Riyadh, Saudi Arabia at dito nagsimula ang aking pagkamulat sa Islam. Noong unang magkita kami ng naging asawa ko sa Pilipinas ay hindi niya sinabi sa akin na Muslim siya. Pero ang pinagtataka ko sa kanya, sa unang pagkikita namin ay inalok niya agad ako ng kasal. Hindi naglaon ay pumayag ako na magpakasal sa kanya sa Huwes noong April 2, 1999 sa Las Pinas City. Parehong Romano Katoliko ang nakalagay na relihiyon sa dokumento ng aming kasal. Pagbalik niya ng Riyadh, Saudi Arabia ay sinimulan na niya akong bigyan ng mga paliwanag tungkol sa Islam. Nagpadala siya ng mga babasahin tungkol sa Islam pero hindi ko binasa ni minsan kasi akala ko walang mali ang Romano Katoliko, ang nakagisnan kong relihiyon. Dalawang araw bago siya umuwi sa Pilipinas nag-long distance call siya sa akin tinanong niya ako kung gusto ko nang mag-Muslim. Ako'y nagalit sa kanya! At ang sagot ko ay mamamatay akong kristiano at huwag na lang siyang umuwi sa Pilipinas. Kung nais niya ay mag-asawa na lang siya sa Saudi Arabia ng kapwa niya Muslim. Ang sagot niya ay hindi niya ako pipilitin na mag-Muslim, walang problema kung di raw ako mag-Muslim. Irerespeto niya ang aking



relihiyon pero kailangang irespeto ko rin ang kanyang relihiyon at di siya makikipaghiwalay sa akin.

Minsan isinama niya ako sa ISCAG, Dasmariñas, Cavite. Doon nakilala ko ang isang sister pinaliwanagan niya ako tungkol sa Islam. Maganda ang paliwanag niya sa aking mga katanungan tungkol sa Islam at hindi ko namamalayan ako pala ay umiiyak na dahil sa pakiramdam ko ay nagbalik-loob ako sa Panginoon, ang Allah ﷻ. Dito ko binigkas ang pagsaksi na “Walang diyos na Tunay maliban sa Allah at si Muhammad ay Sugo ng Allah. Alhamdullilahi-Rabbil A’lamin.

Nirespeto ng mga magulang ko ang aking desisyon at malugod nila akong tinanggap bilang Muslim. Subalit may isang tanong ang tatay ko. “Bakit ako lumipat sa relihiyong Islam?” Ipinaliwanag ko sa kanya ang tulad ng pagpaliwanag sa akin. At sinabi ko na masaya ako sa pagsamba sa iisang Tunay na Diyos, ang Allah at hindi sa maraming rebulto o sa mga diyos-diyusang bagay na bahagi lamang ng Kanyang mga Nilikha.

May 9, 2003 nang kunin ako ng aking asawa papunta sa Riyadh, Saudi Arabia. Dito ako nakapag-aral sa Dar Al Eeman, Riyadh tuwing araw ng Biyernes. Ito ay libreng paaralan ng mga kababaihang Muslim. Karamihan dito ay mga Pilipino na dati ring kristiyano. Dito tinuturuan kami ng wastong pananamit, pagkilos, pagsasalita, at pag-uugali ng isang babaing Muslim. Tinuturuan din kami tungkol paniniwala sa isang Tunay na Diyos, sa kasaysayan ng Mahal na Propeta Muhammad ﷺ at sa kanyang Sunnah o Tradisyon. Ang tamang pagsalah o pagdarasal, pag-aayuno, pagbasa ng Qur’an, magbasa at magsulat ng Arabic letters.

Taon 2005 March ng dumating ang pagsubok ng Allah sa aming mag-asawa. Umuwi ng Pilipinas ang aking asawa para asikasuhin ang



kanyang papeles dahil lilipat na siya ng bagong employer. Umabot ng siyam na buwan ang paghihintay niya sa mga kailangang papeles kaya sa sobrang tagal napilitan na rin akong sumunod sa kanya sa akalang baka hindi na siya muling makababalik pa sa Riyadh.

Ang Allah ay lubhang mahabagin. Sa tulong Niya kami ay nakabalik muli sa Riyadh, Saudi Arabia nito lang Febrero 2006. Ngayon patuloy kami sa pagsisikap na mapaunlad ang aming sarili sa pananampalatayang Islam sa pamamagitan ng patuloy na pagsaliksik ng kaalaman tungo sa tiyak na tagumpay na katulad ng sinabi ni Propeta Mohammad ﷺ “Ang mananampalataya ay hindi tumitigil sa paghahanap ng kaalaman hanggat hindi siya nakakapasok sa paraiso.”

Aileen Aniñon

Cotabato City, Mindanao

Ako po ay si Aileen Aninon, isang lisensyadong Nurse at ako ay kasalukuyang naglilikiran dito sa Riyadh, Kingdom of Saudi Arabia bilang isang Dental Assistant. Ipinanganak at lumaki ako sa Mindanao, sa lugar ng Cotabato kung kaya marami akong alam tungkol sa mga Muslim dito. Nagmula ako sa pamilya na Sagrado Katoliko. Ang Nanay ko ay isang masigasig na taong simbahan na kung saan siya ay miyembro ng Catholic Womens League, charismatic, catechist, choir, at iba pa.

Sa mga kapatid ko naman, yung isa ay pumasok sa seminaryo para magpari. Subalit lingid sa kaalaman naming lahat siya pala ay kumuha



rin ng “entrance examination” sa PMA at siya ay nakapasa. Pinili ng kapatid ko na maging sundalo sa halip na ipagpatuloy ang pagpapari na labis na ikinalungkot at iniyakan ito ng aming mother. Ang isa ko namang kapatid ay gitarista ng choir sa simbahan at ang bunso sa aming magkakapatid ay sacristan sa simbahan noong kami ay nag-aaral pa. Kami namang dalawang magkakapatid na babae ay mga catechist at umaattend sa mga flores de mayo, nagrorosaryo gabi-gabi kasama ng pamilya namin. May dalawa akong tiyuhin sa mother’s side na batikang Catholic Faith Defender at yung isa ay gitarista sa simbahan. Sa father’s side naman ay mayroong isang pari at madre. Lahat kaming magkakapatid ay nagtapos ng high school at college sa Notre Dame, isang Catholic School.

May patakaran ang aking nanay na hindi niya tatanggapin na magkaroon kami ng boyfriend o asawa na hindi Katoliko. Kung magkataon na hindi sila Katoliko, kailangang lumipat sila sa aming relihiyon. Ganyan kahigpit ang aking pinanggalingang pamilya, kung kaya ang buong akala ko ay sigurado na nasa tamang pananampalataya kami.

Sa bahay namin, hindi kami nagpapatuloy ng mga taong nanghihikayat sa ibang relihiyon. Tanging mga aklat lamang ng katoliko ang aming binabasa, kung бага talagang sarado na ang aming isipan sa ibang relihiyon lalo na sa Islam. Nasabi ko rin sa aking sarili na “Bakit pa ako makikinig sa iba, eh nasa tama na ako.”

Minsan, ako ay nakaranas na makuryente na halos aking ikamatay. Dahil sa hindi ako natuluyan nasabi ko sa aking sarili na seguro may “misyon” pa ako dito sa lupa. Pero ni katiting wala akong ideya kung ano ang misyon na ito.



1998, lumuwas ako ng Maynila upang magtrabaho. Nakapagtrabaho nga ako pero hindi sapat ang aking kinikita upang makatulong sa aking pamilya. Dumating ang year 2000 nagdesisyon akong mag-apply ng trabaho sa labas ng bansa subalit hindi ako naging mapalad. Yung kaibigan ko ang unang nakaalis patungong Saudi Arabia. Narealize ko na madali palang mag-apply patungong Saudi Arabia kaya wala akong “choice” at dito nga ako napunta sa lugar na ayaw na ayaw kong marating. Nasabi ko sa aking sarili na bahala na basta madagdagan lang ang kikitain ko.

February 20, 2001, ito ang araw nang pagtulak ko patungo sa Saudi Arabia pero bago ako pumasok ng aeroplano nagdasal ako – “Lord, ikaw na ang bahala sa akin dahil di ko alam ang mangyayari sa akin sa lugar na pupuntahan ko.”

Una kong napansin noong nandito na ako sa Riyadh, na malaki ang pagkakaiba ng Muslim dito at Muslim sa Pilipinas. Na-impressed ako sa mga Muslim dito lalo na ang mga lalaki dahil talagang nagdarasal sila samantalang malayong-malayo ang mga gawain ng mga Muslim na lalaki sa atin. Aaminin ko na galit-na-galit ako sa mga Muslim sa aming lugar maliban sa mga ilang naging kaibigan ko. Ibang-iba ang mga Muslim sa Saudi pero di ko pa rin ipagpapalit ang relihiyon namin.

May dalawang katanungan sa isip ko na hindi ko mahanap ang malinaw na kasagutan. Bakit pinangangalandakan ng mga Muslim na “Islam is the True Religion” at bakit ganoon na lang sila kasigurado? Nasabi ko sa aking sarili na kung totoo ang relihiyon ko at totoo rin ang Islam, samakatuwid dalawa ang diyos na naghahari sa mundo? Alam kong hindi pwede ang ganoon kaya binigyan ko na lang ng kasagutan ang sarili ko na iisa lang ang Diyos pero magkaiba nga lang ng pangalan. Jesus ang sa amin na mga Kristiyano at Allah naman para sa mga Muslim. Sinarili ko na lang ito at hindi ko sinabi sa aking Nanay.



Naalalala ko noong may mga Muslim na nanghihikayat sa aming lugar at galit na galit ako sa kanila. Sabi ko pa nga na yung mga nag-embrace ng Islam ay kay tatanga nila dahil ang bilis nilang magpalit ng relihiyon. Nangako ako sa Nanay ko na hindi ako tutulad sa kanila.

Subalit nang nandito na ako sa Riyadh, Saudi Arabia, sa aking pinaglilingkuran ay may isang Egyptian lady doctor na sobra naman talaga ang kakulitan. Wala siyang sawa panghihikayat sa akin, halos araw-araw kinakausap ako tungkol sa Islam at tinatanong kung binabasa ko raw ba yung mga Islamic books na ibinigay niya. Sabi ko sa kanya, wala akong panahon dahil busy ako, bukas na lang Insha Allah (God willing). Palaging ganoon ang sagot ko sa kanya hanggang dumating ang pagkakataon na sinimulan kong basahin ang bigay ng doctor sa akin for the reason that I just want to please her dahil nagdamdam na siya sa akin at para may maisasagot na ako sa kanya sa susunod niyang pagtatanong sa akin.

Subhanallah!!!! Hindi lang ganun ang nangyari. Nabuksan agad ang aking puso at isipan sa binasa kong libro na ang pamagat ay "The Truth About Jesus." Nabuksan agad ang aking puso at sa isang iglap nagbago ang aking pananaw at paniniwala. Labis na takot ang aking nadama sa oras na yun dahil baka nagkamali ako ng nabasa ko. Nag-isip ako ng malalim at talagang napagtanto ko na tama nga talaga ang sinasabi ng Islam. Itinigil ko agad ang nakagawian kong "pag-Sign of the Cross" at pati na rin ang pagdarasal ko. At dito ay narealized ko na yun palang kinamumuhian kong mga tao ay sila pala ang nasa tamang landas. Parang hindi ko matanggap pero ang paliwanag ng aking doktora na huwag ko raw titingnan ang mga gawa ng tao dahil tao lang sila at nagkakasala. In order to give justice, sabi niya pag-aralan ko raw ang mga katuruan ng Islam. Ang malakas na "calling" ay dumating at hindi ko na kayang pigilan pa. Sabi ko sa sarili ko na kapag tinanong ulit ako ni doktora (Mona) tatanungin ko naman siya

¹ Subhanallah: Kaluwalhatian sa Allah na malayo sa anumang kapintasan.



ng ganito: “What about you Doctora, when will you take me to the Islamic Center for Shahada?” Nangyari nga ang hinihintay ko at laking gulat niya ng tanungin ko siya kung may panahon siya para dalhin ako sa center. Sabi niya “Im really sorry, I am busy tomorrow, what about after tomorrow?” Sabi ko na lang “Okay”. Pagkasagot ko noon, umiyak ako ng umiyak at nakita ko rin ang laking katuwaan ng aking doctor. Sabi ko sa sarili ko “wala na – itatakwil na talaga ako sa amin pero bahala na!”

March 16, 2002 bigkasin ko Shahada. Hindi kayang ipaliwanag ang feeling ko at that time at napaiyak na lang ako at sa sobrang saya at gaan ng pakiramdam ko. Datapwat sa kabila nito ay may takot pa rin sa isip ko dahil iniisip ko ang magiging "reaction" ng pamilya ko kapag nalaman nila ang ginawa. Subalit kailangan kong panindigan ang aking naging desisyon kaya ang ginawa ko ay halos gabi-gabi ako nagta-tahajjud. Malakas ang aking paniniwala na ang sinumang magsagawa ng Tahajjud¹ ay tiyak na ibibigay ng Allah ang anumang kahilingan na ayon na rin ng sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ. Tunay na hindi ako binigo ng Allah. Hindi ako makapaniwala na ganun lang kadali ang pagtanggap ng aking pamilya na nag-Muslim na ako. Sabi ng Nanay ko, kahit anong mangyari ay mahal niya ako at anak pa rin niya ako. At naintindihan rin ng tatay ko at mga kapatid ko ang naging desisyon ko. Ang problema ko na lang ngayon ay kung papano ko sila hihikayatin sa aking relihiyon, ang Islam. Insha Allah, He will give me strength and more knowledge so that I can able to share the teachings of Islam to my family. Ameen.

Sa ngayon (2006) patuloy pa rin akong nag-aaral sa Dar Al Eeman upang palawakin pa ang aking kaalaman tungkol sa Islam at maging gabay ko ito sa aking gagawing pag-anyaya sa mga tao lalo na sa aking pamilya patungo sa tunay na landas ng kaligtasan na walang iba kundi ang Islam.

¹ Tahajjud: Ito ang boluntaryong salah na ginagawa sa ikatlong bahagi ng gabi.



Ang masasabi ko sa lahat na huwag nating kaagad pairalin ang bugso ng damdamin bagkus ang isip muna, upang sa ganun ay makita natin kung alin ang tunay na katotohanan at alin ang pagkukunwari lamang, sa pamamagitan ng matalinong pagsisiyasat. At pagkatapos nating matagpuan ang tunay na katotohanan saka natin ito tanggapin ng buong puso na walang bahid ng pag-aalinlangan. Sa pamamagitan nito ay maibibigay natin kay Allah ang karapatan Niya na siyang dahilan kung bakit tayo nilikha at ganun din naman ibigay Niya ang karapatan natin sa Kanya. Ang sabi ng Allah sa Maluwalhating Qur'an, ***"Hindi ko nilikha ang mga Jinn (engkanto o espiritu) at ang mga tao maliban sambabin Ako."*** [Qur'an 50:51] Ganundin sinabi ni Propeta Muhammad, "Sinumang magsabi ng 'Walang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah' ng taos sa kanyang puso ay papasukin siya ng Allah sa Paraiso."

Umaasa ako sa patnubay ng Allah hanggang sa kahuli-hulihang yugto ng aking buhay dito sa lupa at upang marating ko ang tunay na tagumpay, ang kaligayahang walang hanggan sa Hardin ng Paraiso. Ameen.

Florenda (Flor) D. Sara, DMD
Catbalogan, Samar

"...Ang una kong salat o prayer ay Isha at habang nasa position ako ng sujud o pagpapatirapa hindi ko napigilang umiyak nang umiyak at nasabi ko sa Allah na kay tagal kong nawala."



As-salamu alaykum wa rahmatullahi wa barakatuh!

Ako po ay isang Balik-Islam na lumaki sa debotong Katoliko na pamilya. Ang lola ko ay naging Pangulo ng isang church organization at ang mahal ko ina ay naging Ingat-yaman naman. Sa murang isip ay iminulat na ako sa palagiang pagdarasal, pagrosaryo at pagbabasa ng iba't-ibang klaseng novena na nagsilbing gabay ko hanggang sa ako'y magkolehiyo sa Maynila.

Sa sampung taon na nilagi ko sa Maynila ibat-ibang simbahan ang pinupuntahan ko subalit hindi ko nagawang magkumpisal sa pari, dahil sa isang katanungang bakit kailangang idaan pa sa kapwa ko tao ang paghingi ng tawad kung pwede namang humingi ng tawad sa diyos nang diretso. Katanungang binalewala at binigyan ko ng sariling kasagutan, ngunit may isa pa akong tanong na hindi ko masagot, kung totoong may diyos ama, bakit kailangang dumaan muna sa diyos anak?

Taong 1999 ng dumating ako sa Riyadh, Saudi Arabia, walang kakilala at puro takot sa dibdib ang naramdaman. Unang araw sa trabaho doon ko nakita kung paano magdasal ang mga Muslim at nasabi ko sa aking sarili 'may diyos pala sila!' Nasabi ko yun sa aking sarili dahil sa lugar na kinalakhan ko ang pagkakaalam lang namin sa mga Muslim, sila ay matatapang at kumakain ng tainga ng tao. Nakarinig agad ako ng paanyaya sa Islam sa mga ibang lahi na kasama ko ngunit sinusuklian ko lang sila ng ngiti at ipinagmamalaki ko na ako ay isang debotong Katoliko. Lumipas ang mga araw at maraming ibat-ibang problema ang dumating. Mga pagsubok na di ko inaasahang makapagbabago sa buhay ko. Ang tanging naging pag-asa ko ang pagdarasal sa kinikilala kong diyos subalit pakiramdam ko ang mga dalangin ko ay hindi na naririnig. Spiritually ako ay nanghina at nagkaroon ng maraming alinlangan. Ang mga dati kong katanungan ay muling bumalik at nadagdagan pa hanggang dumating ako sa puntong di ko na magawang mag-sign of the cross. "La ilaha illallah"



mga katagang lagi kong naririnig sa mga Muslim. Ang kahulugan nito ang siyang nagtulak sa akin upang magsaliksik at magbasa ng mga Islamic books. Itinago ko sa aking mga kasama ang paghahanap ng katotohanan na halos umabot ng isang taon. Sa ganitong sitwasyon ko pinanatili ang aking patuloy na pagsaliksik.

Sa bawa't pagbabasa ko ay pumapasok sa isip ko na mag-Muslim na kaya ako? Subalit atubili pa rin ako dahil ang agad na pumapasok din sa isip ko ay ang aking ina at namamalayan ko na lang na tumutulo na ang luha ko dahil ayaw ko siyang masaktan. Kung kaya kahit ang pagkuha ko ng kursong Dentistry na kanilang kagustuhan ay sinunod ko mapasaya ko lang sila. Dagdag pa dito sobrang worries din ang aking haharapin sakaling umuwi ako na Muslim na! Ang lahat ng ito ay ang malaking balakid sa akin na tuluyang tanggapin ang Islam.

Subalit kapag itinakda ng Allah ang isang bagay ay walang makahahadlang at dumating na nga yung oras na naramdaman ko ang napakalakas na hatak sa akin upang tanggapin ang Islam. March 3, 2002 buong puso kong sinambit ang 'LA ILAHA ILLALLAH MUHAMMADAR RASULULLAH' na ang ibig sabihin WALANG IBANG DAPAT SAMBAHIN MALIBAN SA ALLAH AT SI MUHAMMAD AY SUGO NI ALLAH'. Ang unang-una kong salah o pagdarasal ay Salat-ul-Isha (panggabing dasal) at habang nasa position ako ng sujud o patirapa ay hindi ko napigilang umiyak ng umiyak. Nasabi ko sa Allah na kay tagal kong nawala, humingi ako ng tawad sa aking mga pagkakasala at laking pasasalamat din na binigyan Niya ako ng pagkakataon na makita ang liwanag na matagal ko ng hinahanap, Alhamdullilah!

February 3, 2003 ang una kong bakasyon simula ng ako ay mag-Muslim. Kaba ng dibdib ang naramdaman ko dahil hindi ko alam kung ano ang daratnan ko sa Pilipinas. Nang makauwi na ako sa aming bahay sa Maynila. Sa oras ng Fajr prayer ay bumangon ako para mag-salah, naramdaman kong unti-unting bumubukas ang pinto



ng aking kwarto, ang aking pinakamamahal na ina, sinisilip ako sa kwarto at minamasdan ang aking pagdarasal at sa mahina na mga hikbi naririnig ko ang pag-iyak ng aking ina kaya't hindi ko na rin napigilang umiyak habang ako ay nagdarasal.

Sa bawat paglagay ko ng panakip ng aking ulo o hijab ay lungkot ang nakikita ko sa mga mata ng aking ina. Pinakiusapan niya ako na huwag ng maglagay ng takip sa buhok pagdating sa Samar subalit hindi ko ito puweding sundin dahil ito ay sumasalungat sa utos ng Allah kung kaya ipinaliwanag ko ito sa kanya na ito ay utos ng Diyos (si Allah) na kung kaya bakit kailangan na ang babaing Muslim ay nagtatakip ng buhok.

Ang dalawang buwan na inilagi ko sa Pilipinas ay mabilis na natapos. Alhamdullilah muli akong bumalik sa Saudi Arabi na yakap ang paninindigan at paniniwala sa Islam. Ang aking ina, kasama ng buong pamilya ay nakitaan ko rin sa wakas ng "signs of acceptance", Alhamdullilah. May Allah Subhana wa Ta'ala (Allah the Most High) guide us all to the Right Path. Karugtong ng bahaging ito ng aking buhay ako ay nabigyan ng Allah ﷻ ng isang mabuting kabiyak ng dibdib na kapwa ko rin Muslim. Makaraan ang ilang buwan ng pagsasama ay binayayaan kami ng aming pinakamimithi na magkaroon ng anak. Hindi lang iisa ang dinadala ko sa aking sinapupunan sa kasalukuyan (December 2006) bagkus ito ay kambal, Alhamdullilah.



Maryam "Remedios" Romasanta Tomas

Santos Bongabon, Nueva Ecija

Sa Ngalan ng Allah,

Ang Mapagpala, Ang Mahabagin

Assalamu alaykum wa Rahmatullahi wa Barakatuh. Napakahalaga sa ating mga Balik-Islam na matutunan ang tungkol sa pananampalatayang ito upang tayo ay mapalapit sa Kanya, sa Nag-iisang Allah, ang Tagapagligtas. Ako po ay si Maryam Tomas, tubong Nueva Ecija, Philippines.

January 9, 2000 nang dumating ako dito sa Saudi Arabia. Nang ako ay nakalapag na sa Riyadh Airport ako'y parang nahintakutan na kung paano dahil sa nakita ko na halos lahat ng babae ay nakasuot ng itim at nakatakip ang mukha. Habang hinihintay ko ang aking sundo tinanong ko ang aking sarili: "Ano ba itong napadparan ko"? Di nagtagal at dumating ang aking amo at habang nakasakay ako sa kotse ay tinitingnan ko ang aking paligid at ganun din ang aking nakita; mga babaeng nakatakip ang mukha at mga gusali na pare-pareho ang hitsura. Kinabukasan bumungad sa aking paggising ang Nanay daw yun ng aking amo na nakabalot siya ng tila kumot, mukha at kamay lang niya ang nakalitaw at siya ay nakatayo sa aking harapan. Tinanong ako kung katulong ako doon? Ang sagot ko ay OO. Marahil napansin niya ang aking pamamangha. Sinabi niya sa akin na ganoon raw talaga ang kasuotan ng mga Muslim kapag sila ay nagdarasal.

Makalipas ang dalawang taon ako ay mapalad na nakapagbakasyon sa Pilipinas. Naikwento ko sa aking mga magulang, mga kapatid at lalung-lalo na sa aking mga anak ang aking naging karanasan. Sabi nila huwag akong padadala sa relihiyong Islam at huwag kong kalilimutan ang aking pagiging Kristiyano o Romano Katoliko. Kabilin-bilinan ng aking anak na bunso na huwag akong mag-Muslim



dahil ang anak kong ito buhat Kinder siya ay sacristan na ng Pari kaya siya ay halos umiyak sa akin.

Noong July 9, 2002 muli akong bumalik sa Saudi Arabia at minsan kinausap ako ng kapatid na lalaki ng amo ko na nagtanong kung kelan ako papasok sa Islam. Ang sagot ko ay isang maliwanag na Insha Allah (God willing), pero ang totoo di ko pa nauunawaan kung ano talaga ang Islam. Binigyan nila ako ng mga aklat tungkol sa Islam pati mga audio tapes at sa pamamagitan nito unti-unti kong naunawaan kung ano ang kaibahan ng Kristianismo at ng Islam. Pinagpatuloy ko ang aking pagbabasa at minsan naikuwento ko sa aking hipag at kaibigan. Ang sabi nila huwag ko raw kalilimutan ang aking kinamulatan pero hindi ko sila pinakinggan. Nabuo sa aking isipan na ang Islam ay tunay na landas upang makita ko ang tunay na buhay sang-ayon sa Allah ﷻ.

December 28, 2002 kinausap ko ang aking amo sa aking naging pasiya na gusto ko ng mag-Muslim. Ang sagot ng amo ko sa akin, Insha Allah. Napansin ko ang kanyang katuwaan at noong January 30, 2003 kami ng aking amo kasama ng kapatid niyang babae ay nagtungo sa Islamic Center in Badiah at doon ako ay nag-SHAHADA o sumaksi na WALANG IBANG DIYOS NA DAPAT SAMBAHIN MALIBAN SA ALLAH AT ANG PROPETA MUHAMMAD AY KANYANG ALIPIN AT HULING SUGO. February 2003, nagtungo ako sa paaralan ng Dar Al Eeman ang paaralan ng mga kababaihan Pilipinong Muslim. Dito ko nakilala ang maraming mga kababaihang Muslim na kagaya ko rin na dating Kristiyano at ganundin ang mga dati ng Muslim na taga-Mindanao. Kaming lahat ay matiyaga nilang tinuturuan sa maraming bagay sa Islam. Nakita ko sa Islam ang kaibahan nito sa ibang relihiyon na lumalaganap sa atin. Sa ibang relihiyon kapag pumasok ka ay hindi ka nila tuturuan o hihikayating mag-aral bagkus manghihingi sila ng pera sa mga tao sa ngalan ng diyos. At makikita mo na ang pera na hinihingi nila sa mga tao ay ginagamit nila ito sa kanilang sarili para



magpatayo ng kanilang mga Palasyo at mamuhay sila ng napakarangya. Samantalang sa Islam ikaw ay hihikayatin nila at tutulungan mag-aral ng LIBRE tungkol sa Relihiyon upang lumawak pa ang iyong kaalaman na gagamitin mong patnubay sa pang araw-araw na pamumuhay. Ang mga mayayaman ang nagbibigay at tumutulong sa mga mahihirap na kabaliktaran sa ibang relihiyon na ang mayayaman ang lalo pang yumayaman dahil sa panggagamit sa mahihirap sa ngalan ng relihiyon. Panalangin ko kay Allah na sa muli kong pag-uwi, nais kong maging Muslim din ang aking Ina at lahat ng mga mahal ko sa buhay.

Naura Asa Quiza

Jolo, Sulu

How I Improved Myself in Islam?

Bismillahir-Rahmanir-Rahim.

As-salamu alaykum wa Rahmatullahi Wabarakatuh.

I am Naura Asa, born Muslim by both parents and a married woman. I should say I am a lucky person because besides being a Muslim, we belong to a well-known family in our hometown (Jolo, Sulo). In my mother side, they are religious and educated people same as my father side. My mother is a plain housewife while my father is working in the government in the BIR (Bureau of Internal Revenue).



Wayback in 1970, I was then in my primary level and my father was still alive, I still remember how he live as a practicing Muslim who is performing the five times prayer, doing fast during the Holy month of Ramadhan, giving zakat to the Muslim needy people. Yes, my father and my mother didn't miss to teach us on how to pray and fast. They also tell us to attend Islamic studies during Saturday and Sunday so that we can gain more knowledge about Islam.

On my part, masasabi ko pagdating sa madrasah super tamad ako. Mas marami ang laro kaysa mag-aral. At mas higit kong binibigyan halaga and pag-aaral ko sa academic school kaysa sa Madrasah. Kung kaya't sa tuwing tatawagin na ako ng lola ko upang magbasa ng Qur'an ang dami kong dahilan. Andiyan na ang inaantok ako, gusto ko nang matulog, o kaya masama ang pakiramdam ko, o di kaya marami pa akong ginagawa. Hanggang sa dumating ang panahon ang lola ko ay pumunta sa isa niyang anak (kapatid ng tatay ko) at doon na naman namalagi. Kung kaya hindi na ako natutong magbasa ng Qur'an.

Nang ako'y magdalaga na (nasa secondary level na ako) pakiramdam ko, ako yung taong malaya sa lahat ng bagay na nais kong gawin ng walang takot at pag-aalinlangan. Sapagkat hindi ko alam noon kung totoo na mayroon ba talagang Allah na Siyang may likha sa atin. Hindi ko rin alam kung ang tao palang namatay dalawa lang ang pupuntahan, ang Paraiso o Impiyerno. Kaya ng mga panahon na iyon talaga nagsayang ako ng oras dahil hindi ako nagsasalah at nag-aayuno at dahil wala akong alam kaya wala rin akong takot.

When my father passed away (May Allah have mercy on him), I decided to study in Bongao, Tawi-Tawi MSU (MINDANAO STATE UNIVERSITY), where most of my father's relatives reside. Dito ko nakita ang mga pinsan kong babae kung gaano sila kakonserbatibo. Sa pananamit hindi sila nagsusuot ng masikip na pantalon at blouse. Ni hindi rin sila nakikisalamuha sa mga lalaki kahit pa ito ay mga



pinsan namin. Masipag silang nag-aaral sa madrasah at ganoon din sa pagsasalah. Pagsapit ng buwan ng Ramadhan, lalo akong nagulat nang walang nagluluto sa tanghali. Ang mga bata ay sinasanay na ng kanilang magulang mag-ayuno. Sa hiya ko napilitan akong mag-fasting. Ayaw ko man itong gawin, wala rin akong kakainin dahil walang nagluluto. Pagdating ng tanghaling tapat, nakakaramdam na ako ng panghahapdi ng sikmura, pananamlay, pamumutla at pinagpapawisan ng malapot at panlalamig ng buong katawan. Ngunit pilit ko pa rin itong kinaya kahit nahihirapan na ako. Sa loob-loob ko paano hindi kasi ako sanay at saka napilitan lang ako.

Isang araw isa sa mga tiyuhin ko ang nagtanong sa akin, hindi raw niya ako nakikitang nagsasalah at bakit? Nagsabi ako ng totoo na hindi ako marunong magsalah (kung paano ang pagtayo at pag-upo at kung ano ang mga sasabihin). Masha Allah! Laking gulat ng tiyuhin ko! Paano raw nangyari samantalang ang tatay ko ay isang relihiyosong tao katulad din ng lolo at lola namin. Paano raw namin ginugol ang oras nang sila'y nabubuhay pa. Sinayang lang daw namin ang panahon at ni isa sa amin na magkakapatid walang nagmana sa katalinuhan nila sa Islam. Kung tutuusin sabi ng tiyuhin ko ang mga ninuno namin ang siyang pinakatanyag na guro sa lugar namin. Sabi ko sa tiyuhin ko, kaming mga anak ang may kasalanan hindi sa aming mga magulang. Hindi sila nagkulang sa kanilang responsibilidad sa amin. Nasa katigasan ng ulo ko at pagwalang bahala kung kaya't wala akong nalalaman tungkol sa Islam. Dito nagsimula ang pagbabago ko noong turuan ako ng mga pinsan ko kung paano ang magdasal, pag-aayuno at iba pang katuruan ng Islam. Lagi na akong nakakarinig ng Hadith¹ doon sa kanila. At nagkaroon na rin ako ng takot at paniniwala sa Allah.

¹ Hadith: ito ang katawagan sa salaysay tungkol sa mga sinabi, ginawa at pinahintulutan ng Propeta Muhammad ﷺ



Nang ako'y nakatapos ng high school ay bumalik na ako sa amin upang ipagpatuloy ang pag-aaral ko sa kolehiyo. Hindi ko rin nakakaligtaan ang magsalah ng limang beses sa isang araw at pagsapit ng buwan ng Ramadhan ako ay nag-aayuno. Kaya minsan kinakantiyawan ako ng mga kapatid ko, tinatawag akong USTAJA o guro ng Islam. Subalit hindi ko naiwasan ang makipagkaibigan dahil na sa kapaligiran at karamihan sa kanila ay mga non-Muslim. Just because of the expression of young generation "walang pakisama", nawala na naman ako sa Islam. Napabaya ko na ang pagsasalah ko at pag-aayuno. Alhamdullilah! Nakatapos rin ako sa aking pag-aaral at nangarap mag-abroad. My first destination was in Jeddah, KSA where I worked as Staff Nurse in Saudia Airlines. Everybody knows that Jeddah is one open country in the Kingdom of Saudi Arabia. That's why I never felt the so called "home-sickness". Patuloy pa rin ako sa aking pakikipagkaibigan sa mga non-Muslim at ang karamihan ay mga sosyal pa. Halos every weekend mayroong birthday party kaming dinadaluhan. Paminsan-minsan na lang ako nagsasalah at ito'y tuwing biyernes na lang na minsan hindi pa kumpleto.

Year 1992, by the will of Allah, I performed my Hajj. Ang hindi ko maintindihan kung bakit nasa bahay pa lang ako abot-abot na ang iyak ko nang hindi ko sinasadya. Ang tangi kong naramdamdaman ay nagmamakaawa ang aking sarili dahil unti-unti kong na-realize ang mga kasalanan at maling mga ginawa ko. Puspusan akong nagsisisi at humingi ng tawad sa Allah. Alhamdullilah nagging masaya ang pakiramdam ko pagkatapos ng Hajj dahil naihingi ko na nang kapatawaran ang lahat ng aking mga kasalanan.

I resigned year 1994 and I stayed together with my family in the Philippines. But after two years I felt bored. It seems my life was still incomplete that's why I planned again to go abroad at ang gusto ko ay mapunta sa Riyadh na napakastriktong lugar, maraming mga mutawwa at sabi nila ay dito nakatira ang Hari. Pinili ko ang Riyadh, Insha Allah dahil sa lugar na ito maring maiiwasan ko ang lahat ng



mga bagay na siyang nagtulak sa akin paglabas sa Islam. I am so much happy nang ang unang alok sa akin ng agency ay Riyadh. Hindi na ako nagdalawang-isip and I automatically signed the contract. Fortunately, the son of my employer is a mutawwa that is why we have so many books and pamphlets about Islam to read. Because of my willingness, I never wasted my time to read it. All I can say, pagkatapos kong magbasa, masaya ang pakiramdam ko, naliwanagan ang puso ko at isipan at lalong lumakas ang aking pananampalataya at nadagdagan ang takot ko sa Allah (swt). At saka ang mga natutunan ko sa pagbabasa ay ipinapamahagi ko sa mga kasamahan ko na mga non-Muslim. Gusto kong mahikayat ko sila sa Islam.

When I read about the marriage in Islam, Prophet Muhammad (saw) says, it is better for the woman to choose a husband that is God fearing, regardless of social status, rich or poor, good-looking or not. That's why when my prince charming proposed marriage to me I immediately accepted it. At that time he was giving Da'wah in our clinic. So in 1998 we got married in Zamboanga City, Philippines. We are now blessed with a beautiful girl name Rania. How lucky I am. Alhamdulillah. I thank Allah for all the blessings He bestowed on me and in my family.

Angelita Manalo
Pasig City

Kasalukuyang nakapiit sa CIW
Mandaluyong, Metro Manila, Philippines



Ako po ay si Angelita Manalo, 50 taong gulang at isinilang sa Pasig City. Ako'y ipinanganak na Kristiyano at sa edad na limang taon ako ay naulila sa ama. Tuwing Miyerkules ay nasa Baclaran ako sa Mother of Perpetual Help, pag Biyernes naman nasa Quiapo para sa Nazareno at marami pang ibat-ibang santo na aking sinasamba. Naghahanap ako ng Diyos upang mapalapit sa Kanya. Subalit sa katotohanan ako hindi ko rin sino at kung paano ko matatagpuan ang hinahanap ko.

To make the story short, akoy nakulong na dito sa CIW at lahat ng relihiyon ng Kristiyanismo ay pinasukan ko at inakala ko na lubos ko nang nakilala si Jesus Christ bilang anak ng diyos na sinasamba ko rin bilang diyos ayon sa turo ng mga taong nag-aangking marunong sa relihiyon. Subalit sa kabila nito ay mayroong maliit na bahagi sa aking isip na nagsasabi na iisa lang ang Diyos na dapat sambahin. Sa madaling salita hindi ako kuntento sa mga turo ng Kristiyanismo subalit dahil wala naman akong ibang mapagpilian kaya sumama na lang ako sa relihiyon na aking kinagisnan. Sa habag ni Allah na alam Niya na ako ay may hinahanap pa, yung tunay na katotohanan kung kaya tinugon Niya ang nais ng aking puso. Kaya isang araw may dumalaw dito na Muslim at nag-anyaya sa mga nakakulong na makinig sa aral ng Islam. At sa simpleng pagpapaliwanag ni Ustadz Nhoor Sawato kung ano ang Islam at kung sino si Allah, ay kaagad kong tinanggap sa aking puso and I EMBRACED ISLAM AND I BECAME A MUSLIMAH. Katulad na maraming mga dating Kristiyano dito na ngayon ay Muslim na rin I like ALLAH TO BE MY GOD dahil Siya ang lumikha ng lahat at ang lahat ay nilikha Niya at hindi na kailangan ang mediator o tagapamagitan upang sambahin Siya. Kahit na ano ay maari kong hilingin sa Kanya at kaya Niyang patawarin ang anumang kasalanan maliban sa mga nagtatambal sa Kanya. Para sa akin nararamdaman ko na pinakikinggan ako ng Allah sa tuwing kinakausap ko Siya sa pamamagitan ang aking pagdarasal sa pamamaraan itinuro ng mga Propeta. Bukod pa dito ay gusto ko rin



ang kapatiran sa Islam, tunay na may pagmamahal sa bawat isa maging mayaman ka man o mahirap na wala sa ibang relihiyon.

Marietta Fajardo
CIW Selda 99, Preso No. 071
Mandaluyong City, Philippines

Ako po ay si Marietta H. Fajardo, 56 years old may tatlong anak, hiwalay sa asawa at dating nakatira sa Cabanatuan City, No. 56, Barrio Pagos, Nueva Ecija.

Buong puso kong tinanggap ang Islam sapagkat lubos kong naunawaan na ang pagiging isang Muslim dito lamang nagiging ganap ang isang tao sa pagiging mananampalataya sa Nag-iisang Tunay na Diyos, ang Tagapaglikha ng santinakpan. Dahil ito ang kanilang pamamaraan ng buhay sa isip, salita at gawa na ang “ALLAH” ay tunay na natatangi at iisa lamang at WALA NG IBA. Hindi katulad sa lahat ng ibang relihiyon bukod sa Islam na sinasabi na iisa lamang ang diyos subalit kapag sinaliksik mo ng mabuti ang kanilang itinuturo at ginagawa ay makikita mo na marami silang kinikilalang diyos at ibinibigay na katangian sa diyos ayon sa kanilang sariling opinyon.

August 22, 2005, Lunes ng tanggapin ko ang Islam at nagsimula akong ipagpatuloy ang pag-aaral ko upang madagdagan pa ang aking kaalaman at pagsikapang sundin ang lahat ng mga utos ng ALLAH.

Alhamdulillah (ang papuri ay sa Allah) sa patnubay na ibinigay Niya sa akin at maraming salamat sa aking mga kasamahan na umalalay sa akin dito sa loob ng CIW ganun di sa mga payo, at matiyagang



pagtuturo sa amin sa pamamagitan ng mga lectures na bigay ng PAMDAE, INC. (Philippine Association of Muslimah, Dar Al Eemaan, Inc.). Sa kanilang pagmamalasakit at pagmamahal na ibinibigay sa amin dito sa loob ng kulungan, dalangin namin na silang lahat ay gantimpalaan ni Allah ng kabutihan dito sa mundo at sa kabilang buhay.

Vilma Andig Hataas
Lugait, Misamis Oriental

Ang katotohanan ay pitong relihiyon muna ang pinasukan ko bago ko natagpuan ang kahulihulihang relihiyon na aking niyakap nitong taon ng 2005. Ito ang ibat-ibang relihiyon na pinasukan ko: Protestant – from Grade 1 to Grade 3, Seventh Day Adventist – Grade 4, Pentecostal – Grade 5, Baptist – Grade 6, Iglesia ni Cristo – 1st year high school, Roman Catholic – from 2nd year to 4th year high school, Jesus Christ in the Later Day Saint – college. Siguro magtataong kayo kung bakit ako nagkaganito di ba? Dahil po sa simula ng ako’y mag-aral, ang mga taong tinitirhan ko po ay iba’t-iba ang kanilang mga relihiyon. Ang nanay ko po ay tunay na katoliko at ang tatay ko naman ay Muslim daw dahil siya ay Maranao. Hindi ko po batid noon kung bakit ayaw nila kaming mag-aral na mga magkapatid na babae. Dahil kami ay mga bata pa noon kaya hindi na kami nagtanong kung bakit hindi pwedeng mag-aral. Kahit sa ibang tao na kami naninirahan, ayaw pa rin akong papag-aralalin at nagagalit sa akin ang aking ama. Pero sa kagustuhan kong makapag-aral, sinuway ko ang aking ama. Kimkim ko sa aking puso ang hinanakit at galit



dahil sa natuklasan kong kaya ayaw niya kaming mag-aral dahil kami daw ay matutulad din sa ibang mga anak na uubusin lang ang kanyang salapi at pagkatapos ay ang pag-aasawa lang ang aatupagin. Ngunit sa kabila ng lahat nagsikap kami ng dalawa kong kapatid upang mapatunayan namin sa aming ama na nagkamali po siya. Sa aking pagsisikap kahit papano ako ay may narating. Kasabay ng aking tagumpay di ko rin batid kung ano ngang relihiyon ako sasapi. Naramdaman ko na lang ito ng minsa'y nagtanong ako sa aking sarili kung saan nga ba ako.

Dahil hanggang sa mga oras na iyon, hindi ko pa batid sa aking sarili kung Katoliko nga ba ako. Araw-araw nasa chapel ako pero wala naman ito sa aking sarili. Nagdarasal ngunit iba't-ibang bagay ang pumasok sa isip ko. Kaya huminto ako sa pagpasok sa chapel. Ang naramdaman ko sa aking sarili ay yaong galit ko sa kapwa ko, sa mga kapatid at mga magulang ko, sa mga taong nagparusa sa akin bago ako **nabilanggo**.

Isang araw nakita ko dito sa loob ng CIW ang mga babaeng nakasuot ng damit pang-Muslim. Sa paningin ko ay napakaganda nilang tingnan at sinabi ko sa aking sarili isang araw at makakasama din akong pumunta sa mosque ng mga Muslim. At tama naman ang sapantaha ko dahil may Muslim din akong naka-dorm si Ina Ading. Nagsabi akong gusto kong sumama sa kanya sa mosque. Walang nag-akay sa akin. Kusa po akong sumama at nakinig sa mga pangaral ni Brother Nur Sawato na kinatawan ng PAMDAE, INC (Philippine Association of Muslimah, Dar Al Eemaan, Inc.) na kasama ni Sister Baida at narinig ko mula sa kanila kung ano ang tunay na Islam.

Tinanggap ko ang Allah sa aking puso. Nang ako'y ma-Shahada doon lang ako nakaramdam ng gaan sa aking puso na para bagang may biglang nawala na mabigat na batong nakadagan sa aking dibdib, marahil ito ang poot at galit na matagal nang nananahan sa aking puso. Simula noon nakakatulog na ako ng maayos at nagkaroon ng



“peace of mind”. At dito po ako ay lubos nang nananalig sa Allah. Isinuko ko na ang lahat ng relihiyong aking pinagdaanan, simula ng aking kabataan at itong aking sinisimulan sa kasalukuyan ay lubos ko pong naunawaan ang aking pagsuko na nagbibigay sa akin ng kapayapaan at walang bahid na pag-aalinlangan at pagkukunwari sa aking kalooban.

Ako’y nagpupuri at dumadakila kay Allah na walang ibang tunay na Diyos kundi Siya lamang at Siyang mag-aakay sa aming mag-ina sa Paraiso nang walang hanggang kaligayahan. Ameen.

Rose Torralba Sasan
CIW, MANDALUYONG CITY

Ako ang inyong kapatid na si Rose Torralba Sasan , 36 taong gulang at isinilang sa Tagbilaran City, Bohol. Ipinanganak at lumaki ako sa pamilyang Kristiyano. Noong nag-aaral ako ng elementary, Grade V at VI , nagkaroon ako ng classmate na Muslim at magkapit bahay pa kami. Taong 1981-1982 marami ng Muslim ang nakatira sa lugar namin hanggang sa napalapit ang loob ko sa kanila. Kusa akong pumasok sa pag-aaral ng Arabic hanggang sa napanuod ko ang pagsamba nila, sabi ko sa sarili ko, ang ganda naman tingnan nila sabay-sabay at napakataimtim. Nang nalaman ng mga tiyuhin ko na madalas ako sa mosque village, at nanunuod sa mga gawaing pagsamba ng mga Muslim isinumbong ako ng tiyuhin ko sa pamilya ko at napagalitan nila ako. Tutol ang aking pamilya sa Muslim. Bakit gusto ko raw sa mga Muslim? Sabi ko naman, gusto kong matutong magsalita ng Maranao at Arabic. Hanggang sa nagkaroon ako ng



kasintahan na isang Muslim. Nabalitaan ito ng aking tiyuhin kung kaya agad akong pinahinto sa aking pag-aaral para mailayo ako sa aking kasintahan na Muslim. Palagi na nila akong pinagsasabihan at pinapaalalahanan na huwag ko raw kalimutan ang kinagisnan kong relihiyon, ang kristiyanismo. Hindi ko pinakinggan ang mga paalala nila sa akin. Dala ng katigasan ng ulo at kapusukan naisipan kong maglayas at doon ako nakitira sa lugat ng mga Muslim. Lumipas ang mga araw at pinag-aarlan ko ng buhay ng mga Muslim, nagulat na lang ako ng biglang sumulpot ang aking Mama kasama ang aking kapatid. Kinausap ako ng maayos at sinabi sa akin na kung yun daw ang gusto ko na maging ganap na Muslim papayag na sila basta umuwi na lang daw ako sa amin. Kasi nag-aalala sila kung ano raw ang kalagayan ko at ayaw ng Papa ko na malayo ako sa kanila. Ipinagtapat ko sa kanila na gusto ko sa relehiyon ng Muslim sapagkat maliwanag sa akin ito. Kaya heto ako ngayon nagbalik-Islam, para ipagpatuloy ko ang pag-aaral ng Arabic. Kailangan lang na tanggapin ito ng buong puso at walang alinlangan. Hindi sapilitan ang pagpasok ko sa Islam. Naniniwala ako na walang ibang dapat na sambahin maliban sa Allah lamang.

Bilang isang bagong Muslim ay magaan ang loob ko, sapagkat sa Islam ay natitiyak ko na tama ang landas na tinatahak ko para sa tunay na tagumpay sa kabilang buhay. Ibinalita ko sa amin na nagbalik-Islam ako, sagot ng parents at kapatid ko, bahala na raw ako kasi naranasan ko raw noon ang mamuhay kasama ng mga Muslim at kung ito raw ang ikaliligaya ko wala na silang magagawa. Napakasaya ko ng mabasa ko ang message nila sa akin kahit ako lang ang iba ang relihiyon sa kanila tanggap pa rin nila ako, sana hindi ko raw sila makalimutan, at hindi magbago ang ugali ko. At palagi nila akong ipinagdarasal na sana ay maging madali ang paglaya ko at palagi akong nasa mabuting kalagayan sa kinalalagyan ko ngayon.



Ang papuri ay sa Allah lamang sa kabila ng kalagayan ko maligaya pa rin ako dahil natagpuan ko ng tunay na pananampalataya na mula sa Nag-iisa at Tunay na Diyos, si Allah.

Susan Sabino Al-Masri
Fort Magsaysay, Palayan City
Nueva Ecija

Bismillahir Rahmanir Raheem. Alhamdulillah Rabbil Alameen. I bear witness that there is no god but ALLAH alone, without any partners or associates, and I bear witness that Muhammad is His Slave and Messenger.

Indeed, Allah Subhanahu wa Ta'ala guides Whom He wills, Whomever Allah guides will never be led astray, and whomever Allah leaves astray no one can guide.

Hanggang sa ngayon ay malinaw pa rin sa aking alaala ang naging daan sa pagkakatatagpo ko sa tamang landas ng buhay – ang Islam. Ako ay tubong Nueva Ecija. Ang aming pamilya ay matatawag na saradong Romano Katoliko, maliban sa nakatatanda kong kapatid na lalaki na isang Pastor na Born Again Christian at ang nakababata kong kapatid na lalaki na isa ring Pastor at Preacher sa Pentecost. Ang nanay ko ay isang deboto at aktibong miyembro ng Christian Women's League. Hindi man istrikto ang mga magulang ko, nakalakihan na naming lahat ang paulit-ulit na ritual ng pagsisimba, novena, prosisyon ng mga santo at iba pa, na kung minsan ay pinagtataka ko. Lalo na ang pagdadasal at paghingi ng tulong sa kung sino-sinong santo maliban kay Jesus.



Ang salitang “Islam” ay isang banyagang salita para sa akin. Hindi ko alam na ito pala ang tawag sa relihiyon ng mga Muslim. Basta ang alam ko ay may mga taong tinatawag na Muslim, sila ay nakatira sa lugar ng Mindanao, mga taong sa pagkakaalam ko ay walang diyos, malulupit at matatapang. Ang idiyang ito sa isip ko ay lalo pang tumingkad ng paslangin ng isang kaibigang ampon na Muslim “in cold blood” ang panganay kong kapatid na lalaki na nag-aaral sa Mindanao State University, dalawang buwan bago siya magtapos ng kursong AB Political Science. Hindi lamang takot ang naitanim sa puso ko kundi “hatred” o pagkamuhi sa lahat ng mga Muslim. Naisumpa ko pa na kung magkakaroon ako ng pagkakataon ay igaganti ko ang aking kuya. Ang galit na ito na namamahay sa aking puso ay inakala ko na habang buhay.

Dalawang taon ang nagdaan, isang araw matapos ang aking duty nagkayayaan kaming apat na magkakaibigan na manood ng sine, at napagkatuwaan naming dumaan sa POEA para maghulog ng C.V. sa drop box. Hindi man ako interesado, sumama na din ako. Nagkataon nang araw na iyon ay may mga delegates galing sa isang malaking university hospital dito sa Riyadh na nag-i-interview para maghire ng mga nurses. Subhanallah! Ako lang ang nainterview nang araw na iyon. Nakapasa ako sa interview and was asked to sign the contract right away so they could schedule my flight to Riyadh in 2-3 weeks time. Hindi ako makapagdesisyon, dahil ang gusto kong puntahan ay Amerika at hindi ang Saudi Arabia na isang bansang Muslim. Isang bansang sabi ng karamihan ay delikado para sa mga babaing dayuhan. Subalit ang itinakda ng Diyos ay tiyak na mangyayari kung kaya I finally decide na tanggapin ang job, isa o dalawang taon lang naman ang nasabi ko sa aking sarili. Nagdasal na lang ako at humingi ng tulong sa Diyos na gabayan at ingatan Niya ako habang nasa bansang dayuhan.

Hindi ko inaasahan na dito sa Saudi Arabia makikilala ang aking mapapangasawa na isang banyagang Muslim. Tatlong taon akong



paurong sulong sa pagpapakasal sa kanya dahil pagkakaiba ng aming relihiyon. Matatag ako at matigas ang paninindigan sa pagiging Romano Katolito. Nangako siya na hindi niya pakikialaman ang aking relihiyon at hindi ako pipiliting maging Muslim kahit hanggang sa aking kamatayan, dahil sabi niya kung sakaling ang magiging dahilan ng pagpapaconvert ko ay hindi taos sa puso ay balewala ito at lolokohin ko lang ang sarili ko. Finally, natuloy din ang aming kasal. Halos lahat ng mga kaibigan ko ay nagsabi na sooner or later magiging Muslim na din daw ako dahil Muslim ang napangasawa ko. Pero mabilis at matatag ang laging sagot ko sa kanila, sabi ko: “ako ang pinakahuling tao sa mundo na yayakap sa Islam, at baka ang asawa ko pa ang mayakag ko na sumapi sa relihiyong Katoliko.”

Nagdaan ang mga taon, biniyayaan kami ng apat na supling, Alhamdullilah. Napatunayan ko na tapat ang asawa ko sa kanyang pangako, hindi siya nagbabanggit ng anumang paksa tungkol sa relihiyon. Napansin ko din ang kabaitan niya at ng kanyang pamilya, Masha Allah! Through them, unknowingly, unti-unti kong nalaman ang Islam. Impress ako sa mga rituals or acts of worship na obligado at walang sawa nilang ginagampanan tulad ng salah at fasting at ang pagbati ng “As-salamu alaykum” sa bawat isa kahit mayat-maya silang nagkikita o nagkakasalubong pati na ang pagbanggit nila sa pangalan ng Allah sa lahat ng kanilang gawain. Subalit sa ganang akin kinakaawaan din ako ng Diyos dahil nasa tamang landas din ako at kung gumagawa ng masama ay parurusahan din Niya.

Mahirap ko noong paniwalaan na Islam lang ang tamang relihiyon dahil na rin sa mga nakikita kong Muslim na kasamahan ko sa hospital. Halos karamihan sa kanila ay parang nagpapakitang tao lang. Isang araw, isa sa mga kaibigan ko na Jordanian ang nagsabi sa akin na kung talagang gusto kong malaman at maunawaan ang Islam, basahin ko at unawain ang Qur'an at huwag tumingin sa mga Muslim dahil sila din ay tao lamang na marupok, nagkakamali o kulang sa kaalaman tungkol sa katuruan ng Islam. I took her word as a



challenge! Nagbasa ako ng mga Islamic books at interpretasyon ng maiikling talata ng Qur'an. Parang may namuong takot sa puso ko, papano kung totoong relihiyon ang Islam at ang relihiyon ko ang mali, kung ako ay pumasok dito ano na lang ang sasabihin ng mga magulang at mga kapatid ko at ng mga kaibigan ko? Nabagabag ako at natakot, hanggang sa magpasya akong kalimutan na lang ang paksa tungkol sa Islam after all alam kong mabait naman ang Diyos, kaawaan Niya ako dahil mabait naman ako. Hanggang sa isang tanghali, nag-adhan ng Salatul Dhuhur lumapit sa akin ang anak kong panganay na noon ay lima at kalahating taong gulang na at sabi sa akin: "Come on Mommy let's pray together, they're calling for salah." Sagot ko sa kanya: "Go ahead darling, do your salah, I'll pray later, anyhow we have different way of praying." Sabi niya sa akin: "That's why you are doing this.... (sabay pagmustra ng sign of the cross)... are you a Kaafir Mommy, don't you know that Kaafir goes to Hellfire?" That was my turning point, paulit-ulit na nagpa-flash back ang mga pangungusap ng anak ko sa akin. Naisip ko I'm not a good mother, dahil dapat ang ina ang modelo at gabay ng mga anak, pero paano ko magagampanan iyon kung magkaiba kami ng paniniwala. Iisa lamang sa amin ang tama, naisip ko dapat kong tuklasin kung ano ang tama, at kung sila ay mali, ito ang tamang panahon para sila itama habang mura pa ang kanilang isipan.

Naging seryoso ako sa pag-aaral tungkol sa Islam dahil gusto kong matuklasan kung ano talaga ang Islam. Bukod sa pagbabasa ng mga babasahing islamiko dumalo din ako sa mga Islamic lectures sa WAMY (World Association for Muslim Youth). Alhamdulillah wa Allahu Akbar, finally I became brave to accept the truth, disregarding what my family and friends would say. February 10, 1996, a day before my eldest son turned 6 years old I uttered the shahadah in the office of the Ministry of Islamic Affairs with teary eyes.

Subalit sa pag-aakala ko sapat na ang shahadah para maging isang ganap na Muslim ay tumigil na ako sa pag-aaral. Relihiyoso din



naman ang aking asawa, pero dahil na rin sa sobrang pagbibigay sa akin, sa kakulangan ko ng kaalaman and perhaps due to the remnants of my old belief, patuloy pa din akong nakikisalamuha sa aking mga dating kaibigan at patuloy din sa mga dating nakaugaliang tradisyon gaya ng pagdiriwang ng mga kaarawan, pasko, bagong taon, valentine's day, anniversaries at iba pa na kadalasan ay ginaganap pa sa aming bahay. Mas marami pa ang oras na nagugugol sa mga sosyalan at panunuod ng mga pelikula sa video at satellite channel sa halip na mag-aral ng tungkol sa Islam o magbasa ng Qur'an. Nagagampanan ko man ang pagdadasal, may mga sandaling naipapagpaliban ko ito kung may magandang pelikula. Kadalasan pa hindi na namin makuha gumising para sa Salat al Fajr. This situation went on for almost 4 years after I embraced Islam. Masasabing I'm a Muslim but my deeds were devoid of dedication to my new religion and didn't reflect the teachings of Islam at all. In short, hindi ako naging mabuting Muslimah. Until one day may nabasang libro ang aking asawa tungkol sa "Life and Death". Lahat tayo ay tiyak nating may "kamatayan" pero marami sa atin ang hindi nagbibigay ng pansin dito lalo na kung maligaya na tayo at abala sa mga makamundong bagay. Hindi iyon ang unang pagkakataong nakabasa ng ganong paksa ang asawa ko, pero that time may takot siyang naramdaman. Papaano kung ang kamatayan ay biglang dumating sa amin na katulad ng lahat? Alam natin na ang Kamatayan ay dumarating ng walang pasintabi sa kaninuman, maging mayaman o mahirap, matanda o bata, malakas o mahina. Kung kaya kami ay nagsimula na muli upang punan ang aming mga pagkukulang at ilagay sa tama ang aming buhay. Sa tulong at habag ni Allah, unti-unti naming tinahak ang paghahanap ng kaalaman at Alhamdulillah, ngayon ay palagian na kaming dumadalo ng Qur'an memorization course, mga pag-aaral at iba pang mga gawaing may kaugnayan sa katuruan ng Islam pati na ang aming mga anak. Katotohanan iginagabay ng Allah ang sinumang Kanyang nais at hinahayaan Niyang maligaw ang sinumang Kanyang nais at sinuman ang patnubayan ni Allah ay walang sinuman ang makapagligaw sa kanya at sinuman pabayaang



Allah na maligaw ay walang sinuman ang makapag-gagabay sa kanya maliban kay Allah. As-salamu alaykum wa Rahmatullahi wa Barakatuh!

YASMIN HASSAN

Tawi-tawi, Mindanao

Ako po ay si Yasmin Hassan, isang born Muslim galing Tawi-tawi. Dahil sa lumaki ako sa lugar ng mga Muslim, ako ay namulat sa mga gawain ng mga Muslim, nag-umpisa akong magdasal noong High School pa lang ako dahil yun ang nakikita kong ginagawa ng aking mga magulang at mga kamag-anak, but for me it was just a mere act of performing it. I silently read the words without even pondering on any of its meaning, at sa tuwing sasapit ang buwan ng Ramadhan, akoy tuwang-tuwa lalo na sa pagsapit ng Suhoor¹ time because this is the only time of the year when my mother cooked my favorite “santan”. For me, Ramadhan is a season of merriment and delicious food and nothing else. Ang di ko alam, ang Ramadhan ay panahon ng pagsamba sa Allah ﷻ at paggawa ng kabutihan. Marami pa akong di alam patungkol sa Ramadhan. Una, dapat pa lang mag-ayuno (fast) sa ibang araw para sa mga araw na hindi nakapag-ayuno dahil sa buwanang dalaw. Days, weeks and even months slipped away till the next Ramadhan without even making up for the days I missed, pangalawa, yung importance ng last 10 days of Ramadhan. While most of the Muslims from all parts of the globe are taking advantage of those blessed nights, there I was lying in my bed, in deep slumber. I also didn't wear hijab at that time. In my mind its enough to pray to Allah ﷻ and fast during Ramadhan and be good to others and to be a

¹ Suhur: ito ang katawagan sa pagkain bago sumapit ang oras ng pagdarasal sa madaling-araw sa buwan ng Ramadan.



good Muslim and besides wearing hijab won't allow me to wear those dresses that I love to wear.

Pagtuntong ko ng college, my faith become more weaker by the day, my time in school and with friends robbed me of those precious time I should have spent in Allah's cause. Yung obligatory prayers ko ay ginawa ko na lang voluntary prayers, yung five naging four, then three, eventually narrowed to two at minsan na lang kung ako ay mag-salah ng Fajr and Isha.

Alhamdulillah, I finished college in four years time and got lucky to have a job in my hometown. But it wasn't long when I realized I want to go back to Manila to find my place in the sun. Instead of landing a job in a reputable hospital with high-tech laboratory setting, I ended up working at NAIA, checking passports, tickets, boarding pass and the like. Okay na rin kasi since the pay was good and the experience was exhilarating, dito halos nawala ang aking pagiging Muslimah. Para maging "in", I started wearing tight clothes, short skirts, high-heeled shoes, use perfumes and make-up, anything that would make me look pretty. I started going out with friends, lakwatsa dito, gimmick doon, kain dito-shopping doon, hanggang dumating ang time na nagsawa rin ako, pakiramdam ko parang walang direksyon and buhay ko. I felt like a lost soul in a lonely crowd. I did some introspection and reflected on what I have done with my life. It was then I realized how heedless I am on Allah's Divine injunctions – later that day, I fervently prayed to Allah to forgive my sins. I cried profusely at that time, dala na siguro ng sobrang guilt na nararamdaman ko. After praying, I felt so good, pakiramdam ko, all the tears I've shed washed away all my sins. From then on, I became more conscious of my obligatory prayers by performing it at the right time with the right way.

Few months later, natanggap ako sa inaplayan ko sa Saudi, alhamdulillah I was overjoyed dahil sa wakas, makakapag-abroad na rin ako. While I'm working in Saudi, hindi pa rin ako nag-improve sa



pagiging Muslim ko. I only corrected my praying habits and fast the entire month of Ramadhan except those days I have my monthly period. With regards to wearing hijab I only wore that when I am in the Kingdom, pag-uwi ko sa Pilipinas sa Riyadh airport pa lang, tanggal na ang abaya, tanggal na rin ang hijab and back to my old heedless self again.

There was a time when I was at NAIA with my good friend waiting for our flight bound for Riyadh, we were seated right next to two guys, one was a Christian and the other was a Muslim revert. Since delayed ang flight namin, nagkwentuhan na lang kami. The latter started making Da'wah, dahil wala sa hitsura ko ang pagiging Muslimah, pati ako kasama sa dinawahan niya. Prior to that, while we were seated, nakita ko ang dati kong kasama na lalaki sa trabaho sa airport at naging supervisor na. He (Muslim revert) witnessed how we shook hands and hugged each other like a long lost friend – how unbecoming of a Muslimah, nakakahiya talaga di ba? Kaya nung nalaman ko na Muslim siya, bigla akong nahiya sa sarili ko, he started asking questions unfortunately konti lang ang nasagutan ko. Finally, it's boarding time so while we were on a long queue, we spotted a young lady wearing abaya and hijab and told me “o di ba, ang ganda para sa isang Muslimah ang nakahijab?” He was very careful in his approach in letting me realized my spiritual weaknesses. He was also candid but not rude, objective but not insulting. While in flight, I reflected on what happened, pagdating ng Riyadh airport, we exchanged addresses and phone numbers and parted ways.

Pagdating ko ng bahay, I became a “changed person” kung dati ay wala akong hilig magbasa, naging voracious reader ako bigla, the more I learned about Islam, the more proud I became as a Muslim, alhamdulillah. I also spent more time reading the Holy Qur'an and ponder on its meaning especially during the month of Ramadhan. Later that year, umuwi ako ulit ng Pilipinas na nakahijab na. Looking back, I realized that Allah ﷻ put me in certain situation and allow me



to meet some people to let me realize that Islam is a way of life and that every Muslim should strive hard to be a Muslim in every sense of the word. At present, I am studying at Dar Al Eeman dito sa Riyadh, Saudi Arabia, sharing life's lessons among sisters in Islam, attending Islamic lectures and learning Tajweed of the Holy Qur'an, thus, making my stay at Dar Al Eeman every Friday so worthwhile. Lastly, I thank Allah ﷻ for giving me all the blessings and guidance. At sa pamunuan ng Dar Al Eeman, buong puso na masasabi ko ang mga katagang "job well done." May Allah ﷻ reward their good deeds on Judgment Day.

Noridiam H. Abdul Munap
Basilan City, Mindanao

Sa Ngalan ng Allah, ang Mapagpala, ang Mahabagin.

Ang pagpupuri ay para sa Allah, ang Panginoon ng mga Daigdig, ang Pagpapala at Habag ng Allah, ang Kataas-taasan ay mapasa lahat ng mga Propeta at Sugo ng Allah, at sa pinakahuli na si Propeta Muhammad sa kanyang pamilya, mga kasamahan at sa lahat ng tumatahak sa tuwid na landas hanggang sa Huling Araw.

Ako po si Noridiam H. Abdulmunap, na nakilala sa tawag na "Sister Noor", tubong Basilan, Mindanao. Ako po ay ipinanganak ng mga magulang na Muslim o kami po ang tinatawag na mga "Born Muslim". Bagamat kami ng aking mga kapatid ay namulat sa Islamikong pamumuhay sa gabay nang aming mga magulang sa



pamamagitan ng pagtuturo sa amin ng pagbabasa sa Qur'an, pagdarasal ng limang beses isang araw at mga kagandahang asal sa Islam lalo sa tunay na pagkatakot sa Allah, ang Makapangyarihan. Ang Kristiyanong pamumuhay ay nagkaroon ng malaking impluwensiya sa aking sarili sa mahabang panahon nang ako ay mawalay sa pangangalaga ng aking mga magulang. Sa murang edad na apat na taon nang ako ay mapunta sa pangangalaga ng aking tiyahin na nakatira sa lugar na maraming Kristiyano. Sa tulak ng pangngailangan ako ay nakapag-aral sa Catholic School na naging daan upang ako ay magkaroon ng mga kaibigang Kristiyano. Dito nagsimula na ako ay matuto ng mga kalayawan na naging dahilan ng pag-iwas ko sa pag-aaral ng mga gawaing pang-Islam na matiyaga namang itinaturo sa akin ng napakabait at masipag kong tiyahin.

Pagkaraan ng ilang panahon at ako ay nagdalaga na, ako ay lumipat sa Maynila para mag-aral sa kolehiyo na lalo pang naglayo sa akin sa pananampalatayang Islam. Dahil sa higit na malakas na impluwensiya ng kapaligiran ay dito ako nakagawa ng mga bagay na labag sa magandang asal ng Islam. Alhamdullilah (ang papuri ay sa Allah), bagamat ganun ang kalagayan at hindi pa rin nawala sa pusot isip ko na akoy Muslim na may pananagutan sa Allah, ang Mapagpala ang Mahabagin. Kung kaya't tuwing araw ng Biyernes ako'y nakasuot ng mahabang damit, nakabelo at bitbit ang Sajjada (Praying carpet) papuntang Golden Mosque sa Quiapo para magdasal ng Salat ul Jumaah (sama-samang pagdarasal) at pagkatapos magbabasa ng Qur'an. Isa ako sa tinatawag na "Friday Girl" o tuwing Biyernes lang nagiging Muslim dahil sa paniniwala na ang Araw ng Paghuhukom ay magaganap sa araw ng Biyernes. Kung kaya dapat sa araw na ito ako'y hindi gagawa ng mga bagay na lumalabag sa turo ng Islam upang kung sakaling maganap ang Araw ng Paghuhukom, baka sakali na ako'y maliligtas sa parusa sa Impiyernong Apoy.

Taong 1993 nang may nakilala akong sister na Dai'yah (tagapag-anyaya sa Islam) at dito'y nagkaroon ng konting pagbabago ang gawi



ng aking pamumuhay. Subalit kapag hindi ko kasama ang sister na Dai'yah ay muling bumabalik ang ilang mga hindi magagandang asal na nakagawian ko lalo na sa pananamit. Lumipas ang panahon na ako ay nasa ganitong kalagayan hanggang sa ako ay makapagtapos ng pag-aaral at pinalad na matanggap sa trabaho sa Middle East.

Dammam, ito ang lugar na hindi ko malilimutan, dito nagkaroon ng malaking pagbabago ang aking buhay. Dito sumibol sa aking puso ang tunay na pagmamahal ko sa aking pananampalatayang Islam na kay tagal nawala sa akin dahil sa aking kapabayaan. Alhamdullilahi Rabbil Alameen", (ang papuri ay sa Allah ang Panginoon ng mga Daigdig) dahil hindi Niya ako pinabayaan na tuluyang maligaw at mamatay ng wala sa pananampalatayang Islam.

October 27, 1997 nang ako'y dumating sa paliparan ng Dahrn at kami ay tumuloy sa lugar na aking titirahan. Sa unang pagkakataon ay narinig ko ang "Adhan" (pagtawag ng pagdarasal) at aking nakita na ang halos lahat ng mga tao nagmamadali sa paghahanda para mag-Salah (pagdarasal), ang mga tindahan ay nagsisipagsara. Dito ay parang hinaplos ang aking puso at natagpuan ko na lang ang aking sarili na nagdarasal na tumutulo ang aking mga luha sa pagsisisi sa lahat ng aking mga nagawang pagkakamali. Pagkatapos ay hindi ko maipaliwanag ang kaligayahang nararamdaman ng aking puso na parang may nabunot na napalaking tinik. Dito nagsimula ang napakagandang pagbabago ng aking buhay na nagpatuloy hanggang sa ako ay makapagsagawa ng Hajj. Ang Hajj o pagbisita sa Banal na Ka'ba sa panahon ng Banal na Buwan ay napakadakilang gawain na pinapangarap ng lahat na Muslim sa buong mundo na ibinigay sa akin ng Allah, ang dahilan na lalo pang nagpalago ng aking pagmamahal sa dakilang pananampalataya na ito, ang Islam.

Sadyang napakabait sa akin ng Allah, ang Mahabagin dahil pagkatapos ng kontrata ko sa Dammam ay ipinahintulot Niya na makapagtrabaho naman ako sa Al-Madina, ang Banal na Lunsod ng Propeta



Muhammad ﷺ. Dito ay patuloy ang pag-aaral ko sa Islam at dito rin lumago ang karanasan ko sa larangan ng aking trabaho. Nakapaglingkod ako sa isang malaking 'government hospital' at dito ko nakasama ang maraming kapatid sa Islam na naging malapit sa aking puso.

Riyadh City, ang lungsod ng aking puso, dahil dito ko natagpuan na aking pinakamamahal. Nakapagtrabaho ako sa isang Medical Center dito na bagamat may magandang pasweldo ay napakahigpit naman. Kaming lahat ay parang mga preso dahil hindi kami puwedeng lumabas maliban dalawa o isang beses sa isang buwan para mamili ng mga pagkain at pansariling pangangailangan. Kailangan ay kasama pa namin ang aming drayber at hindi puwedeng lumagpas sa itinakdang oras. Kahit kaming lahat ay nagrereklamo sa sobrang higpit ay wala namang kaming magawa dahil wala kaming mahingan ng tulong. Sa kabilang banda ito ay may kabutihan din sa aming mga kababaihan dahil kami ay nalalayo sa kapahamakan at mga kalayawan ng mga Pilipino dito sa Riyadh, kahit pa nga mahigpit dito. Ang pangarap ko na makapag-aral sa Islamic Center ng tuloy-tuloy ay talagang malabong mangyari sa ganitong kalagayan kaya nagkasya na lang ako sa pagbabasa at pakikinig ng mga lectures sa tapes. Ang tanging pagkakataon ko lamang makapunta sa Islamic Center ay tuwing kami ay mamimili sa Batha, sa pamilihan ng mga Pilipino na kung saan may Islamic Center. Mabilis akong namimili at ang natitirang oras ay inilalagi ko na lamang sa Islamic Center para makapakinig ng mga napapaliwanag ng Islam sa mga Pilipino at dito ako nagkaroon ng ilang mga kaibigang Balik Islam na mga Pilipina. Ako ay talagang humanga sa kanila, dahil kahit na sila ay mga bagong Muslim lang ay higit na marurunong sila kumpara sa maraming katulad ko na ipinanganak ng mga magulang na Muslim o Born Muslim. Kung kaya ganun na lamang ang pagnanais ko na makapag-aral ng tuloy-tuloy katulad nila. Subalit sa kalagayan ko walang paraan maliban sa makapag-asawa ako dito para makapag-leave out ako. Dahil alam ko na napapanahon na rin at nais ko na ring mag-asawa kung kaya sa



tulong ng aking kapatid, mga tiyuhin at aming mga malalapit na kaibigan dito ako ay nagsimulang maghanap-hanap ng maari kong mapangasawa. Alhamdulillah marami naman ang nag-aalok ng kasal sa akin subalit wala sa kanila ang bagay na hinahanap ko sa nais kong maging kabiyak. Ang nais ko sana ay isang binata na kahit papaano ay higit na mas marunong sa akin sa Islam upang ako kanyang turuan at higit sa lahat yung kayang magpasunod o may matatag na personalidad dahil ako ay medyo may katigasan din ang ulo.

Alhamdulillah, sa isang hindi pangkaraniwang pangyayari ay nakilala ko ang lalaking hinahanap ko subalit ang problema ay nasa kanya rin ang katangiang ayaw ko at ayaw ng pamilya ko. Una, siya ay mayroon ng asawa at dalawang anak, bagamat ito ay hindi naman ipinagbabawal sa Islam ngunit ayaw na ayaw ko at ng pamilya ko na mag-asawa ako ng lalaking may asawa na. Pangalawa, siya ay Balik Islam, sa akin ay wala itong problema subalit sa aking pamilya ay ayaw nila, dahil sila daw ay babalik din sa pagiging Kristiyano subalit naniniwala naman akong itoy hindi totoo. Pangatlo, sa tradisyon ng mga katulad kong Born Muslim ang mga katulad ko na nakatapos ng pag-aaral ang hinihingi ng aming pamilya na Mahr (Dowry o Dote) ay sadyang malaki. Bagamat hindi ito ayon sa tradisyon ng Islam bagkus ito ay tradisyon ng aming mga pinagmulang tribo, ganunman ito ay mahirap salungatin dahil tiyak na tututol ang buong pamilya.

Alam namin na ang mga problema na ito lubhang napakahirap lunasan kaya halos ako ay mawalan ng pag-asa na maging asawa ng lalaking minimithi ng puso ko. Subalit ang lalaking ito ay hindi man lang nawalang ng pag-asa bagkus ang lagi niyang sinasabi tuwing pag-uusapan namin ang mga bagay na ito ay “Kung tutulungan ako ni Allah ﷻ tiyak na walang makakapigil sa atin, at kung pababayaan ako ni Allah ﷻ ay wala ng makakatulong pa sa atin.”



Ang itinakda ng Allah ﷻ ay tiyak na magaganap at kami ay nakasal sa kabila ng maraming problemang dinaanan, Alhamdulillah. Ganun pa man ay may mga pagtutol pa rin akong naririnig mula sa aking mga kaanak dahil na rin sa hindi nasunod ang tradisyon ng aming tribo bagkus ang tradisyon ng Islam ito ay dahil na rin sa tulong ng Allah ﷻ. Ngunit ng makarating ang aking asawa sa aming lugar at nakilala ng aking mga pamilya dito nila nakita na hindi totoo ang mali nilang paniniwala sa mga Balik Islam sa halip ay tinanggap nila ang asawa ko ng buong puso.

Nang bumalik ang asawa ko mula sa bakasyon ay nagsimula na akong makapag-aral at sa pamamagitan niya ay nakapag-aral ako sa Dar Al Eeman. Ito ay isang samahan ng kababaihang Muslim na nagtataguyod sa pag-aaral ng mga bagong yakap sa Islam at maging sa mga ipinanganak ng magulang na Muslim o “Born Muslim”. Dito ko nakilala at nakasama ang kapatid sa Islam na tunay na nagmamahal na parang tunay kong kapamilya. Sila sa oras ng mga kasayahan ay kasama mo at ganun din naman sa oras ng pangangailan ay lagi silang nandiyan lang sa iyong tabi. Bagamat hindi ko na mabanggit ang kanilang mga pangalan dahil sila ay marami subalit ang bawat isa sa kanila ay may espesyal na katangiang kamahal-mahal. Naway gantimpalaan sila ng Allah ﷻ at lagi silang ingatan pati na ang kanilang mga pamilya.

Ako naman ang nagbakasyon ng makalipas ang isang taon at dinalaw ko ang maybahay ng aking asawa upang personal kaming magkakilala at maayos niya akong tinanggap sa kanilang bahay. Umiyak siya subalit mahinahon at naiintindihan ko ito bilang isang babae subalit bilang isang Muslim ako ay kanyang tinanggap at ito ay labis kong hinangaan sa kanya. Una dahil siya ay isa ring Balik Islam samantalang sa aming mga Born Muslim mayroong mga nagpapatayan ng dahil dito, dulot na rin kawalan ng sapat na kaalaman sa bagay na ito at ganun na rin ang mahinang paniniwala kay Allah ﷻ.



Ang Islam ay napakaganda at kumpleto ang mga panuntunan ng buhay para sa isang tao para mamuhay ng maayos dito sa mundo. Ito na ang pinakamainam na makukuha ng tao na biyaya dito sa lupa mula sa kanyang Panginoong Diyos at wala ng iba. Dahil sa pananampalataya nakabatay ang kahahantungan ng isang tao sa kabilang buhay, ito ay ang buhay na walang hanggan sa Paraiso o buhay ng walang hanggan sa Impiyerno.

Payo sa mga hindi Muslim, subukang pag-aralan ang Islam, hindi masama na madagdagan ang kaalaman sa maraming bagay lalo na sa pananampalataya. Sa Islam walang sapilitan sa pananampalataya subalit ang totoo ay maliwanag sa mali at ito ay ipakikita ng Diyos sa mga tunay na naghahanap ng katotohanan. Sa mga may kaalaman na sa Islam, hindi sapat na alam ang katotohan kung hindi ito tatanggapin at isasabuhay. Sa mga kapatid na Muslim at higit sa aking sarili, "Napakagandang katuruan sa Islam huwag nating hayaan nasa mga aklat na lamang." *Wa sallallahu nabiyyina Muhammad wa ala alibi wa sallam...*

NOOR CANDADO

Manila, Philippines

Ang lahat ng papuri, pagluwalhati at pasasalamat na walang hanggan ay tanging sa Allah lamang, ang nag-iisang tunay na Diyos ng sanlibutang ito. Walang Siyang Katulad, Siya ay Mahabagin at



Maunawain. Ang Makatarungan at ang Makapangyarihan sa lahat, Alhamdullilah.

Assalamu alaykum wa rahmatullahi wa barakatuh sa lahat. Ako po ay si Sister Noor Candado, isang nagbalik-islam noong 1994. Nais ko pong ibahagi sa inyo kung papaano ko nakilala ang Allah sa buhay ko, kung papaano Niya ako tinulungan sa mga nagdaang pagsubok at paano ko iyon nalampasan sa tulong at awa Niya, Alhamdullilah.

Bilang isang mabuting Kristiyano noon ay palagi akong dumadalo sa mga pagtitipon. Tuwing Linggo nagsisimba, at kung maimbitahan ay sumasama din ako. Ako po ay namumuno sa aming morning prayer noon sa pinapasukan kong trabaho. Subalit sa kabila ng pagiging aktibo ko ay hindi ko alam kung ano ang hinahanap ko at parang may kulang pa rin sa aking buhay. Sa bawa't dinadaluhan kong pagtitipon ay tinatanong ko sa diyos kung Siya na nga ba ang tunay na Diyos na aking tinatawag. Ang tanong ko sa Kanya ay ganito: natagpuan na nga kaya Kita? Totoong relihiyon na kaya itong aking sinasamahan?

1994, ng aking nakilala ang dati ko asawa na isang Muslim sa pamamagitan ng aking kaibigan. Wala akong ideya noon tungkol sa Islam, habang nanliligaw siya sa akin at nakiusap na huwag akong kumain ng baboy. Binigyan niya ako ng mga babasahin tungkol sa Islam pati na rin yong sa pagdarasal. Nainis ako dahil sa hirap na hirap akong basahin ang Arabic na dasal tapos ay kailangan pang sauluhin. Subalit sa tulong ni Allah ay unti-unti kong nasaulo at natutunan, alhamdullilah.

Nang taon ding yon (1994 October) nagsama kami bilang mag-asawa ng walang kasal kung kaya't hindi sumang-ayon ang aking pamilya pero wala silang nagawa. Madalas kong binabanggit sa kinakasama ko kung kailan kami magpapakasal at ang sabi niya darating din yun kaya tumahimik na lang ako. Akala ko noon ay okey na kami pero ng taong 1996 buwan ng Marso ay dumating ang 1st wife niya galing ng



Kuwait. Napakasakit para sa akin yun dahil sa inilihim niya ang bagay na ito sa akin, pero dahil sa balik-Islam din siya, nag-usap kami at nagShahada ako kasama siya sa Jollibee Cubao mga 9:00 ng gabi March 16, 1996. Sa kabila ng pagiging Muslim ko nandoon pa rin iyong sakit sa kalooban at napabayaang ko ang aking trabaho hanggang sa napilitan akong mag-resign dahil sa laki ng kahihiyan sa aking mga kasamahan. Madalas akong umiyak noon dahil 15 taon din akong naglingkuran sa kumpanyang iyon.

Nanirahan kami sa isang Muslim compound at itinira kami ng asawa namin sa isang bahay. Dahil magkasama kami kung kaya madalas akong inaaway at sinasabihan na kabit lang ako kaya't pinakasalan din ako ng tuluyang ng aking asawa noong July 1996. Ang masaklap nito, noong taon ding iyon kumuha pa ulit ng isa pang asawa ang asawa namin, samakatuwid tatlo na kami pero yung pinakahuling asawa (pangatlo) ay ibinukod niya ng tirahan dahil sa Christian ito at hindi niya nahimok na mag-Muslim.

Magulo ang naging buhay namin. Sa kabila noon ay hindi ko magawang ipinaalam sa pamilya ko dahil nahihiya ako sa klase ng buhay ko dahil ayoko silang masaktan at madamay pa sa gulo ng buhay ko. Dahil mataas ang expectation nila sa akin at alam kong mahal na mahal nila ako. Nadagdagan pa ang hirap ng aking kalooban nang mamatay ang aking Ate mula sa Bahrain noong 1997. Ngunit sa kabila ng kaguluhan sa buhay ko ay nandoon pa rin ang pagsisikap ko na magampanan ang pag-salah at ang pagka-uhaw ng aking puso at kaluluwa sa mga salita ng Allah (swt).

Alam ng Allah ang pagnanais ko na mabago ang takbo ng buhay ko sang-ayon sa katuruan ng Islam. Nagtagal pa ng isang taon ang pagsasama namin ng asawa ko ng lingid sa kaalaman ng pamilya ko kaya maituturing ko na nasa magulo pa rin ang aking landas. Lingid sa aking kaalaman, naramdaman na rin ng Nanay ko ang aking problema at hindi na siya nakatiis sinundo niya ako sa bahay at niyakap niya ako at sinabi na uuwi na kami sa amin.



Nov. 17, 1999, narating ko ang Riyadh bilang isang domestic helper. Ninais kong makalayo sa amin upang maibsan ang aking mga dalamhati at umaasang tuluyan kong makalimutan at magamot ang hapdi ng sugat dala ng mga pinagdaanan ko sa buhay. Dito ako nagsimulang bumangon sa pamamagitan ng pagbabasa ng Qur'an. Ginampanan ko ang nararapat bilang isang Muslim tulad ng pagsalah ng limang beses, pag-aayuno sa buwan ng Ramadan pati na rin ang voluntary fasting. Nagkaroon ulit ako ng isang pagsubok dahil sa aking amo na lalaki na may pagnanasa sa akin. Sa awa ng Allah, walang nangyari sa akin at alhamdulillah maluwalhati kong natapos ang aking kontrata. Subalit dahil sa sobrang kahirapan at hindi pa ako handang umuwi na-extend ang aking kontrata ng isa pang taon. Sinadya kong manatili pa ng isang taon para makaipon ng pera dahil gusto kong sorpresahin ang aking Nanay ngunit siya ay binawian na ng buhay at hindi na kami muling nagkita. Atake sa puso ang naging sanhi ng pagkamatay ng aking Nanay. Umiyak ako ng umiyak noon at ang hindi ko namamalayan pinanonood pala ako ng aking mga employer dahil sa tagal ng aking pakikipagusap sa aking kuya. Napakalaking pagsubok na naman iyon sa akin dahil halos nakasentro na ang lahat ng plano ko para sa aking Nanay. Hiniling ko na lang sa Allah na bigyan pa Niya ako ng lakas ng loob na makayanan lahat. Simula ng mamatay ang aking Nanay halos araw-araw umiiyak ako. Umuwi rin ako makaraan ng extension ng aking kontrata. Wala na akong naging permanenteng trabaho sa Pilipinas. Lahat ay pa-extra extra lang hanggang sa panay panay ang padala ng notice ng National Housing Authority dahil hindi ko na nababayaran ang montly amortization ko sa kanila.

Muli akong bumalik sa Saudi Arabia kahit labag sa aking kalooban. Pagdating ng May 17, 2003, pinahintulutan ako ng Allah na muling makatapak sa bansang Saudi Arabia subalit hindi ako pinalad na makatrabaho bilang DH sa mabait na employer. Napilitan akong



umalis sa aking employer at nagpasalin-salin sa iba't-ibang kababayan na may mga pamilya at sa kanila ako namasukan bilang katulong.

Subalit sadyang napakabait ng Allah sa akin at nakatagpo din ako ng ibang employer na tinulungan akong ayusin ang aking mga papeles upang muli akong maging legal worker. Tinaasan din nila ang aking sahod, alhamdullilah. May kapanatagan at kapayapaan na ngayon ang aking puso dahil alam ko na andiyan palagi ang gabay at patnubay ng Allah sa akin at anuman pagsubok pa ang dumating sa aking buhay alam kong makakayanan ko ito, Insha Allah.

As-salamu alaykum wa rahmatullahi wa barakatuh. Purihin natin ang Allah sa Kanyang pagiging Makapangyarihan sa Lahat. Allahu Akbar.

Nella "Nelia" A. Ulang
Binangonan, Rizal, Philippines

Bismillahir-Rahmanir-Raheem. Alhamdulillahi Rabbil 'alameen ar-Rahmanir-Raheem, Maliki yaw-middeen, iyyaka na'budu wa iyyaka nastain. Ihdinas siratal mustaqeem, siratal-ladheena 'an-amta alayhim, ghayril maghdubi alayhim walad-daleen. (Suratul Fatiha – Ang Pambungad na Kabanta ng Qur'an).

Ito ang unang-una kong pinag-aralan at nasaulo mula sa Maluwalhating Qur'an. At ang lahat ng papuri at pasasalamat ay tanging sa Allah lamang, ang Panginoon ng mga daigdig, nawa'y ang Kanyang pagpapala ay mapasa Kanyang huling Sugo at Propeta na si



Muhammad, sa kanyang pamilya, sa lahat ng kanyang mga kasamahan at sa lahat ng nasa tuwid na landas hanggang sa huling araw. Ako po ay si Nella D. Ulang at isa rin sa mga yumakap sa Islam. Malaki ang pagtutol ng aking mga magulang ng yakapin ko ang Islam noong sila ay nabubuhay pa at pati na rin ng aking mga kapatid. Hindi ko alam kung bakit malaki ang kanilang pagtanggap sa Islam. Ayaw nilang lahat sa mga Muslim hanggang sa ipinaramdam nila sa akin ang malaking tampo sa pamamagitan ng pagpapadala nila ng text message na ang nilalaman ay lubhang napakasakit para sa akin sa ginawa kong pagyakap sa Islam. Tinanggap ko na isa lang itong pagsubok sa akin at alam kong may mga darating pang pagsubok, subalit buo na sa loob kong tanggapin anumang bagay na darating pa.

Labis naman akong nagpapasalamat sa Allah at isa ako sa napili Niyang igabay sa Islam mula sa napakaraming tao na Kanyang nilikha. Ganun din ang pasasalamat ko sa mga nagturo sa akin sa pagbasa ng Banal na Qur'an na mag-asawang Farid, mga Gonzaga (Abdulrahman at Maryam), si Sister Zainab Lucero, Sister Aisha Sison at ang aming guro sa Arabic na si Sister Huda at isa pang Bangladesh na kapatid sa Islam. Malaki ang nagawa nilang tulong sa akin isa na dito ang naiwasan ko ang aking paninigarilyo. Sila ang tulong-tulong na nagturo at naghikayat sa akin upang lubusan kong maunawaan ang mga katuruan ng Islam, Alhamdullilah.

Naging palaisipan sa akin ang buhay ni Jesus at ni Maria Magdalena dahil ginampanan ko ang papel niya noong sinakulo. Naitanong ko sa aking sarili ang mga bagay-bagay tungkol kay Jesus at Birheng Maria.

Samantala, narating ko ang Saudi Arabia noong taon 1993 at ng ihatid ako sa airport (Manila) ng mag-asawang Muslim ay binigyan nila ako ng mga babasahin at ang bilin nila sa akin ay hanapin ko si Bro. Khalid Evaristo na siya raw ang makakatulong sa akin para



madagdagan pa ang kaalaman ko tungkol sa Islam. Bagamat hindi ko pa siya nakikita hanggang sa oras na ito ay tinanggap ko na ang Islam.

Marami ng nabago sa aking buhay mula ng yakapin ko ang Islam. Ang panananaw ko sa buhay ngayon at noon ay malayong magkaiba. Ngayon ay may takot na sa Allah kapag hindi ko nagampanan ang Kanyang mga utos samantala ang buhay noon ay walang iniisip na obligasyon sa Diyos kaya ay buhay ko ay masalimuot at walang kapayapaan. Hubad man ako sa karangyaan sa ngayon subalit mas maligaya ako dahil kuntento ako sa biyaya na ibinibigay sa akin na siyang sekreto ng mapayapang buhay Muslim. Ang lahat ay may pag-asa habang may buhay dahil ang habag ni Allah para sa lahat na magnanais na magbalik-loob sa Kanya. Huwag nating hayaan na tayo bawian ng buhay na hindi man lang natin ginamit ang ating lakas at talino para hanapin katotohanan tungkol sa Diyos na lumikha at nagbigay ng buhay sa atin. Hanapin ang katotohanan dahil ang katotohanan ang magpapalaya sa atin.

Heba "Hazel" Romualdo
Concepcion, Marikina City
Philippines

Si Hazel noon at si Heba ngayon.....The Truth Sets you Free "Hanapin ang Kaharian ng Diyos at ito ay iyong matatagpuan."

Paano ko natagpuan ang Islam sa buhay ko? Paano ko nakilala ang Islam at tinanggap ko sa buhay ko? Ito ang mga katanungan na



bibigyan ko ng liwanag at nawa'y kapupulutan ng aral. Mga pangyayaring naganap sa buhay ko at kung Bakit Niyakap ko ang Islam.

Simulan natin kung sino si Hazel noon. Siya ay mahilig sa mga materiyal na bagay at nauubos lamang ang kaniyang pera sa mga palamuti ng kanyang katawan; tulad ng mga sapatos, damit, alahas, at iba pa. Subalit isang araw ay dumating ang kinatatakutan niya sa buhay - ng siya ay nakaranas ng kahirapan na hanggang sa wala na siyang matakbuhan maliban sa Diyos lamang. Ang kinikilala niyang diyos na mga santo ay nagkaroon siya ng pag-aalinlangan dahil bakit kailangan pa itong ginagastusan (bilihan ng magagarang damit at suotan ng mga alahas) samantalang dapat ay siya ang tumutulong sa maraming mahihirap.

Mayroon talagang nag-iisang totoong relihiyon ito ang aking nasa isipan. Kung kaya sa aking palagay ay maaring tama ang relihiyon sa Gitnang Silangan. Sa aking pagbabasa ng bibliya nabanggit ang mga lugar sa Gitnang Silangan na pinanggalingan ng lahat na mga propeta. Kung aking babaybayin ang pinagmulan ng aking mga ninuno (lineage) masasabi ko iisa lang ang pinagmulan. That all mankind came from Adam and Eve. Sila ang unang nilikha ng Allah ﷻ. Ang paniniwalang ito ang nagbunsod sa akin na sabihin sa aking ina na kung mabibigyan ako ng pagkakataon na maging Muslim aking tatanggapin ito dahil yun ang relihiyon na bigay ng Allah sa ating unang magulang.

Hiniling ko sa Diyos na bigyan ako ng pagkakataon na makapagtrabaho dito sa Gitnang Silangan. Hindi nga naglaon ay napadpad ako sa Jeddah. Dito nagsimula ang aking bagong buhay lalo na noong tanggapin kong magpakasal sa isang tagarito. Subalit hindi naglaon nagkahiwalay din kami ng aking asawa. Naging malungkot na bahagi ito ng aking buhay subalit tinanggap ko ito dahil sa aking pananalig saDiyos.



Lumipat ako ng pinapapasukang hospital hanggang isang araw nakita ko ang isa kong kaibigan na papalabas ng compound. Araw yun ng Biyernes. Inalam ko kung saan siya patutungo at ang sabi niya siya raw ay pupunta sa Da'wah Center at hiniling ko sa kanya na isama ako. Taong 1997, dito ako nakapagsimulang pag-aralan ang Islam at dito ko na rin tinanggap ang Islam at dito na nagsimula ang aking kasaysayan bilang si HEBA, na isang Muslim. Ipinagpatuloy ko ang aking pag-aaral tungkol sa Islam. Nasabi ko sa aking sarili na talagang hindi ako nagkamali ng naisin ko na makarating dito sa Gitnang Silangan. Simula ng maging Muslim ako ay manaka-nakang dumarating pa rin ang pagsubok. Pero kung aking titimbangin mas lamang ang nararamdaman kong kapayapaan sa sarili. Iba na ang naging paranaw ko sa mga pagsubok bilang isang Muslim. Mapayapa kong tinatanggap ang anumang pagsubok kaya ang dulot nito sa aking lalo pang pagtibay ng aking pananampalataya. Sa pamamagitan ng gabay ng Allah, Kanya akong pinagaling sa mga bagay na nagdulot ng paghihirap at bigat sa buhay ko. Ang paulit-ulit na panunumpa sa tuwing ako ay nagdarasal na WALANG IBANG DAPAT SAMBAHIN MALIBAN SA NAG-IISANG ALLAH AT SIYA AY WALANG KATAMBAL, ang mga katagang ito ang nagbibigay ng ginhawa sa aking kalooban. Isang napakahalagang biyaya na hindi mapantayan ng salapi ay ang pagbibigay ng Allah ng kapayapaan sa aking dibdib. Kailangang lang palang humilagpos sa pagkabilanggo sa madilim na landas na puno ng kamunduhan. Dapat lang palang iwasan ang hindi karapat-dapat at harapin ang mga bagay na makalulugod sa Kanya, ang Allah ﷻ.

Therefore to achieve peace is to be patient and worship the true God. Allah helps me face my difficulties and hardships with patience.

Today, being Heba, life has changed in many aspects. The shell has broken and I came to see light. I even see things clearly now including the beauty of Allah's creation around me. It is clear to me



that Allah's purpose of creation is for Man and Jinn to worship Him alone. From this belief, my life evolves with peace.

Alhamdullilah, Islam is indeed a way of life. Allah has completed all His favours upon us and has given Islam as our religion. Until now (2006), I still continue to seek for more knowledge and I intend not to stop until the will of my Lord, In Sha Allah. Alhamdullilah, all I can say is that it is never too late..... I have found the truth that has set me free ----- that is to truly believe that THERE IS NO OTHER GOD BUT ALLAH. Having this faith is the true salvation contrary to my previous belief that salvation is through Jesus and his crucifixion in the cross.

Allahu Akbar!!! Allah is so Great that He set me free from all doubts and unnecessary worries in life. Islam is the True Religion..... Ameen.

AMINAH ADLAON

**Cagayan de Oro City
Mindanao, Philippines**

Ako po si Aminah Adlaon tubong Cagayan de Oro City, Mindanao, Philippines. Ako ay kabilang sa isang pamilya na mga debotong Protestante. Lumaki po ako na sa tuwing sasapit ang araw ng Linggo naroon kami sa simbahan at nagdarasal at pinalaki kami na dala ang mabuting asal. Ang natatandaan kong dinadasalan namin noon ay ang Krus at nandoon si Jesus daw na nakapako.



1990 nang mag-apply ako para mangibang-bansa. Pinalad akong makarating ng Dubai, UAE. Ang trabaho ko ay isang katulong at nakatagal ako hanggang apat (4) na taon. Napakabait ng mga amo ko na mga Muslim at ang trato nila sa akin ay hindi iba kahit na ako ay isang Kristiyano. Pagkaraan ng apat na taon gumanda ang trabaho ko, hindi na katulong sa bahay. Inilipat ako ng amo ko sa kanilang tindahan at ginawa akong saleslady. Umabot ng 9 years ang paninilbihan ko sa kanila at sa loob ng panahong iyon talagang na-impressed ako sa kanilang mga ugali. Binigyan nila ako ng mga babasahin ng Islam at binasa ko naman ito. Tinuruan din nila ako ng wastong pananamit tulad nila pati sa mga bawal na gawain. Kakaiba talaga ang dati kong dalawang relihiyon noon kung ikukumpara ko sa Islam. Nasabi ko pa nga na napakalinis ng Muslim dahil nagwu-woodoo (naghuhugas) muna sila bago magdasal at kung humawak sila ng Qur'an ay nag-wu-wuddo din at marami pang iba. Wala akong pag-aalinlangan na ito na yung hinahanap kong relihiyon, ang Islam pero hindi pa rin ako naging Muslim hangga't umuwi ako sa Pilipinas.

Pagkalipas ng sampung buwan simula ng umuwi ako ng Pilipinas nakatanggap ako ng job offer sa Riyadh, KSA bilang caregiver ng isang matandang babae na may sakit. Mababait din ang mga amo ko gaya noong nasa Dubai pa ako. Tinuturuan din nila ako tungkol sa Islam at binibilhan ng mga Islamic books. Kahit di pa ako Muslim sinusunod ko na ang mga patakaran ng Islam lalung-lalo na ang mga gawain ng isang babaing Muslim tulad ng paglalagay ng belo at pagsuot ng abaya ng maayos, pagsusuot ng mahabang damit at ang pagiging magalang. Hindi ko kinontra ang anumang katuruan ng Islam at believe talaga ako sa way ng pagdasal at pagsamba nila sa Allah.

Sa mga nagdaan kong buhay at palipat-lipat ng relihiyon nakita ko ang malaking kaibahan ng isang Kristiyano at ng Muslim. Kay tuluyan ko nang tinanggap ang Islam bilang panuntunan ko sa aking buhay at nasabi ko sa sarili ko na ito na talaga ang hinahanap ko at magiging



huling relihiyon dahil dito ko nakita ang hinahanap ko na sagot lahat ng katanungan. Subhannallah.

Sa ngayon (2005-2006) patuloy pa rin ang pagdaragdag ko ng kaalaman sa Islam at Insha Allah maipamahagi ko ito sa pamilya kong di pa Muslim at sa lahat ng mga tao. Pumapasok ako tuwing araw ng biyernes sa paaralang pambabae dito sa Riyadh at naging mapalad ako na mabigyan ng pagkakataon na magbigay ng lecture bilang pagsasanay na maging tagapag-anyaya sa Islam.

As-salaamu alaykum wa Rahmatullahi wa Barakatuh.

Sarah Jihad "Willyn" J. Barangan
Manila, Philippines

Bismillahir Rahmanir Rahim.

Ako po si Sarah Jihad Barangan. Yumakap ako sa Islam noong 1997 sa Islamic Worldwide (IWW), Quiapo, Manila. Alhamdullilah naging madali ang aking pagyakap sa Islam dahil talagang matagal na rin akong naghahanap ng tunay na Diyos na Siyang karapatdapat sambahin at kung paano ang tamang pagsamba. Sapagkat maraming katanungan na sa Islam ko lang natagpuan ang kasagutan. Nakagisnan ko na mula pa sa pagkabata pa ang mga kuwento sa bibliya. Ang paniniwala na itinuturo na hindi ko sinasang-ayunan ay ang minanang kasalanan (original sin). Mula ito sa pagsuway ng naunang propeta na si Adam (Adan) at kanyang asawa na si Hawa



(Eba). Yaong sinasabi na pagkain ng ipinagbabawal na bunga ng puno sa gitna ng Paraiso.

Ang pangalawa na nagbibigay ng kalituhan sa akin ay ang pagka-diyos ng Ama, Anak at Ispiritu Santo na sinasabing iisang diyos sa tatlong katauhan. Subalit sa Islam ito ay maliwanag na ipinahayag ni Allah kung ano ang katangian ng tunay na Diyos sa Qur'an ang pinakahuli sa mga Banal na Aklat na ibinigay Niya sa Kanyang piniling mga Sugo. Alhamdulillah isa ako sa mga pinatnubayan ng Allah na makaunawa ng Kanyang mensahe. Sa Banal na Aklat na

Torah na ibinigay kay Propeta Musa ang sampung utos ay sinasabi, "Huwag kayong sasamba sa mga dios-diosan o gagawa para sa inyo ng mga dios na yari sa metal. Ako ang Panginoon ninyong Dios. Sa doktrinang Trinity na kinagisnan ko na paniniwala ng mga Protestante ako ay isang aktibo sa mga gawain doon. Ngunit di ako kompormi na pwede ang magsuot ng pantaloon pagpasok sa kapilya. Maging sa murang isip ko noon ay bumibili ako ng kumbong para takpan ang aking buhok. Lahat pala ito ay paghahanda ng Allah sa akin noon patungo sa tunay na relihiyon ang Islam. Wala man lang nagsabi sa akin kung ano ang Islam at kung sino talaga ang mga Muslim. Sa patnubay ng Allah nakarinig ako ng boses "Anak kumuha ka ng pantakip, sagot ko sa panawagan ng Allah, 'kung ito ay kagustuhan mo Panginoon sino ako para hindi sumunod sa Iyo.'" Kinabukasan noon ay naghanap ako ng lugar ng mga Muslim at inalam kung paano ang mag-Muslim. Sa araw din na iyon nagshahada ako at bumili ng aklat dasalan. Taas noo ako na naging Muslim at nag-aral sa mga alituntunin sa Islam.

Sa paghahanap ko ng trabaho ay hindi ako basta matanggap kasi ayaw nila ng Muslim. Nakapagtrabaho ako pero kailangan alisin ko ang kumbong ko. Ako ay napipilitang alisin ang kumbong ko sa ulo upang kahit papaano ako ay kumita para may pantustos ako sa sarili pangangailangan. Wala akong asawa na tutulong sa akin at sa aking anak dahil hiwalay ako sa asawa.



Laging ang kumbong ang pagsubok sa akin. Nagdua'a ako na bigyan ako ng Allah ng trabaho na di kailangang alisin ang kumbong. Reflexologist ako at alhamdullilah binigyan ako ng Allah ng mga kustomer. Pag-apply ko ng NBI para makakuha ng passport tungo sa Madinah, Saudi Arabia noon 2002 ay nahirapan ako dahil gusto ay alisin ko ang kumbong ko at napakaraming mga kalalakihan sa paligid subalit hindi ako pumayag dahil katwiran ko bakit ako magtatanggal eh ipinagbabawal sa akin na mag-alis ng kumbong sa harap ng mga lalaking hindi ko malapit na kamag-anak. Ako ay isang Muslim at kailangang na nakatakip ako dahil sa utos ng Allah at sa sandaling iyon ay hindi ako natakot sa tao bagkus sa Allah. Pakiramdam ko parang Kristiyano ako pagwala akong suot na kumbong. Tinanggihan ko ang utos ng lady photographer na alisin ang aking kumbong kaya pinaalis niya ako at lumipat ako sa ibang pila. Ang tanong sa akin, "Muslim ka ba"? Yes sabi ko. Alhamdullilah kinuhanan ako ng litrato at nakakuha ako ng NBI CLEARANCE.

Salamat sa pagsubok ng Allah. Nireklamo ko yung insidenteng yun sa Office of Muslim Affairs. Gumawa sila ng hakbang sa NBI na ang Muslim ay hindi na kinakailangang mag-alis ng kumbong kung kaya malaya na ang mga muslim na babae na magpakuha ng I.D. picture. Maging sa Department of Foreign Affairs, dumanas din ako ng matinding pagsubok dahil sa kumbong. Minsan naman nasa bingit na ako ng kapahamakan pero di ako pinabayaan ng Allah at pinanindigan ko na ako'y Muslim.

Marami din ang nabago sa ugali ko sa biyaya ng Allah. Ngayon ay lalo akong nagsusumikap na madagdagan pa ang aking kaalaman at pananampalataya sa Allah ﷻ. Naway maipamahay ko ito at maipamahagi ko sa mga tao. Ameen.

As-salamu alaykum wa Rahmatullahi wa barakatuh.



SARAH "Tess" ROXAS

Manila, Philippines

Bismillahir Rahmanir Rahim.

Nagtapos ako ng pag-aaral sa isang pribadong paaralang Katoliko na obligado ang magsimba tuwing araw ng Linggo at Martes na tinatawag na "Jesus Day."

Ang aking mga magulang at mga ninuno ay sagradong Katoliko kung kaya ako ay namulat na Katoliko at lumaking dala ang paniniwalang Katoliko hanggang dito sa Gitnang Silangan na kung saan dito nagkaroon ng malaking pagbabago ang aking buhay.

Riyadh, Saudi Arabia ang lugar na aking pinaglilingkuran bilang Nurse sa isang semi-government hospital. Madalas akong tinatanong kung ako ay Muslim kapag ako ay magbibigay ng gamot sa mga pasyente at kapag sinasagot ko na hindi ay sinasabi nila na "Insha Allah" o naway ipahintulot ni Allah. Subalit para sa akin ay balewala ang lahat ng ito.

Sa tinatagal ng pamamalagi namin ng asawa ko na dito na rin nagtratabaho ay wala pang nag-anyaya sa amin sa Islam ng tuwiran. Kung kaya tuwing kami ay magbabakasyon sa Pilipinas at tatanungin kami ng aming pamilya kung kami daw ay nagpalit na ng relihiyon ay maliwanag ang sagot namin na **MANANATILI KAMING KRISTTYANO.**

Subalit dumating ang pagkakataon na napag-usapan namin ng aking asawa ang mga mabubuting biyaya na nakuha namin dito sa lugar ng



mga Muslim. "Subukan kaya nating mag-Muslim" ito ang lumabas na mga salita sa aming dalawa, bilang pasasalamat sa diyos ng mga Muslim sa lahat ng biyaya na tinatamasa namin at ng aming pamilya. Ngunit hindi natuloy ang layunin naming mag-asawa hanggang dumating sa aming ang isang malaking pagsubok. Dinapuan ng matinding karamdaman ang aking kabiyak na dahil dito ay nawalan kami ng panahon sa Islam at hindi na namin alam kung maitutuloy pa namin ito.

Isang araw nagkaroon ng paanyaya sa isang panayam tungkol sa Islam para sa lahat ng Pilipino at kami ay nagdesisyon na talagang sasama at makikinig. Sa kung anong dahilan kami ng asawa ko ay naiwan ng sasakyan na maghahatid sa lugar na pagdarausan ng nasabing panayam. Ganun na lang ang hinanakit namin na hindi kami nakasama at natagpuan ko na lang ang sarili sa harapan ng kaibigan namin na 'adminastrator' at isinangguni ko sa kanya ang balak namin na mag-Muslim. Pinapunta niya kami sa isang 'coordinator' ng Islam upang mabigyan kami ng kaukulang pagpapaliwanag tungkol sa Islam bago namin ito tanggapin bilang aming relihiyon. Dito namin lubusang naunawaan ang kagandahan at katotohanan ng Islam kung kaya wala ng naging hadlang pa sa aming ginawa at maluwag sa dibdib namin na tinanggap ng buong puso ang Islam bilang aming pananampataya. Masayang masaya kaming mag-asawa sa aming ginawa at pareho naming naramdaman ang kakaibang damdamin na punong-puno ng kapayapaan.

Malubha pa rin ang kalagayan ng aking kabiyak subalit bilang tunay na sumasampalataya at naniniwala sa Nag-iisang Tagapaglikha, ang Allah, tanggap ng aming kalooban na lahat ng ito ay ipinahintulot Niya at bahagi ng pagsubok. Umaasa kami na Siya rin ang magbibigay lunas sa lahat ng aming mga suliranin. Makaraan ang tatlong buwan pagkatapos namin na yakapin ang Islam kami ng aking kabiyak ay pumunta sa Makkah upang mag-Umrah dahil ito ang matagal na niyang minimithi. Hindi ako makapaniwala na sa kabila ng malubha



niyang karamdaman ay nakayanan niyang gawin ang lahat ng ritwal para sa Umrah, tunay na si Allah ay Dakila.

Sa patnubay at tulong ng Allah ﷻ walang hindi makakayanang pagsubok gaano man ito kalaki dahil hindi siya magbibigay ng pagsubok sa isang tao na labis sa kanyang kakayahan, sabi ni Allah; *"Si Allah ay hindi nagbibigay ng pasanin sa sinuman na lagpas sa kanyang kakayahan..."* [Qur'an 2:286]

Mina Tamani

Dalibubon Jones, Isabela Philippines

As-salamu alaykum wa rahmatullahi wa barakatuh!

Sa ngalan ng Allah, ang Mapagpala, ang Mahabagin. Ang lahat ng papuri ay para kay Allah. Naway ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa lahat ng propeta, at sa pinakahuling propeta na si Muhammad, sa kanyang pamilya, mga kasamahan at sa lahat ng tumatahak sa tuwid na landas hanggang sa Huling Araw.

Ako po si Mina Tamani, tubong Isabela, 26 na taong gulang at pangalawa sa apat na magkakapatid. Hindi kailanman pumasok sa isip ko na akoy makakarating sa bansang Saudi Arabia na bansa ng mga Muslim. Ngunit ang lahat ng itinakda ni Allah ay mangyayari at isa na nga dito na ako ay makarating sa bansang hindi ko gusto. Katotohanan wala akong kaalam-alam tungkol sa Islam na buong akala ko ito ay isang uri ng tribo o pangkat ng mga tao. Ang pagkaayaw ko sa mga Muslim ay lalong nadagdagan noong magkaroon ako ng kaklase at naging kaibigan ko na isang Muslim. Ayon sa kanyang kuwento na sila ay iniwanan ng kanilang ama dahil nag-asawa ito ng bago.



Samantalang ako ay lumaki sa isang maayos na pamilyang Kristiyano. Ang lolo ko ay isang Espanyol na isang dahilang kaya kami ay talagang mga sagradong Kristiyano. Bata pa lang ako ay pangarap ko na ang maging isang Madre dahil gusto kong sundan ang yapak ng aking tiyuhin na pari o kaya ay maging isang manggagamot. Nang makapagtapos ako ng High School ay nagpaalam ako sa aking mahal na ina na nais kong maging isang Madre ang sagot niya ay isang malakas na "HINDI." Wala akong nagawa kundi piliin na lang na maging isang manggagamot na hindi naman nila pinigilan. Kumuha ako ng kursong "PHYSICAL THERAPY" sa isang pribadong paaralang kristiyano sa aming bayan. Sa tulong ng Diyos ako ay nakatapos sa aking kurso at agad ding nakakuha ng trabaho sa isang pribadong ospital sa aming lugar. Inalok ako ng isang kasamahan sa trabaho para magtrabaho sa Saudi, bagamat sumagot ako ng 'oo' na may kasamang pagtawa dahil ang sa akin ay isang biro lang ito. Subalit lingid sa aking kaalaman na ito tinutuo ng aking kasamahan kung ng kinuha niya ang aking mga dokumento ay wala akong nagawa kundi ibigay sa ito kanya. Hanggang namalayan ko na lang na lang ako ay papaalis patungong Saudi Arabia.

Natanggap ako dito bilang isang 'Private Physical Therapist' at nagkaroon ako ng maraming kaibigang Muslim. Walang isaman na nagtangka na ipaliwanag sa akin ang Islam maliban sa aking amo na gusto akong mag-Muslim subalit hindi kami magkaintindihan. Disedido ang amo ko na ako ay maging Muslim kaya ibinili niya ako ng mga babasahin ngunit sa kasamaang palad hindi ko maintindihan ang pagkakasulat dahil marahil hindi talaga tagalog ang sumulat nito.

Isang araw pumunta kami sa bahay ng nanay ng amo kong babae at doon kami nagpalipas ng gabi. May nakita akong mga babasahing pang-Islam at naakit akong basahin ito. Napakaganda ng pagkakasulat nito at ako ay labis na humanga sa mensahe nito at para akong nagising mula sa malalim na tulog. Simula nito ay nagkaroon na ako ng malaking hangarin sa Islam. Hanggang nakilala ko pa ang isang



'Born Muslim' na napakabait. Itinuring ko siyang nakatatandang kapatid at tuwing magkikita kami ay ipinapaliwanag niya ang mga tungkol sa Islam na lalo pang nagbunsod sa akin na magbasa ng mga aklat tungkol sa Islam at minsan ay inaabot na ako ng madaling araw sa pagbabasa.

Talagang nanlumo ako ng mabasa ko ang isang babasahin na naglalaman ng mga sumusunod, 'BAKIT DAPAT SAMBAHIN ANG KAPWA TAO?' 'BAKIT KAILANGAN SAMBAHIN ANG MGA GINAWA NG TAO (REBULTO AT MGA LARAWAN)?' SAMANTALANG TUNAY NA DIYOS AY HINDI TAO, WALANG KASARIAN, WALANG KAMAG-ANAK O PAMILYA, HINDI NAKIKITA NG TAO BAGKUS SIYA AY NAKAMASID SA KANYANG MGA NILIKHA. ANG DIYOS AY IISA AT HINDI TATLO. KUNG SI HESUKRISTO AY DIYOS, MAGKAGAYUN SI BIRHEN MARIA AY DIYOS DIN DAHIL SIYA ANG INA NI HESUKRISTO.

Sa kabila nito ako ay atubili pa rin sa pagtanggap sa Islam dahil sa maraming kadahilanan, at isa na rito ang wala pa akong alam na Muslim sa aming lugar at wala ring Masjid na magpapaalala ng oras ng pagdarasal. Ganundin ang napakaraming kinagisnang tradisyon tulad ng, pasko, piyesta, santakrusan, mahal na araw, araw ng kapanganakan at marami pang iba. Ang mga ito ay sadyang napakahirap iwasan lalo kapag ikaw ay nakatira sa lugar ng mga Kristiyano. At bilang dating Kristiyano napakahirap tanggapin sa aking sarili ang pag-aasawa ng mga Muslim na lalaki ng higit sa isa. Ang lahat ng ito ay ang patuloy na gumugulo sa aking isipan tuwing iisipin ko na tanggapin na ng tuluyan ang Islam. Isa pa dito ang bumabalik-balik sa isip ko na mga salita na binitiwang noon, 'IPINANGANAK AKONG KRITIYANO, MAMAMATAY AKONG KRISTIYANO.'



Kung kaya nga sa kabila ng mga katotohanang natuklasan ay hindi ko pa rin ito nagawang tanggapin bagkus nagpatuloy na lang ako sa pagbabasa at pag-aaral pa sa Islam. Hanggang sa masaulo ko ang Pambungad na Kabanata (al-Fatiha) ng Maluwalhating Qur'an sa pamamagitan ng pagsabay ko sa napapanood ko sa T.V. tuwing oras ng pagdarasal. Dahil dito ay kinulit ko ang aking amo na bigyan ako ng babasahin tungkol sa pagdarasal ng mga Muslim.

June 2007, Sabado nang isama ako ng aking amo sa Islamic Center ng Badiah na sa buong akala ko ay kukuha lamang kami ng aklat para sa pagdarasal subalit ako kinausap ng isang Pilipino na marunong sa Islam at ipinaliwanag niya ang kagandahan ng Islam. Hindi ko na napigilan ang aking sarili na tanggapin ang Islam dahil na rin sa takot na baka ako biglang mamatay na wala sa tamang pananampalataya. Dahil hindi pala sapat na alam mo ang tama kung hindi mo naman ito tinatanggap at isinasabuhay. Kung kaya sa kabila ng mga alinlangan at takot sa maaaring mangyari sa akin pagkatapos ko na tanggapin ang Islam ay inisip ko na lang na si Allah ang bahala sa akin dahil alam ko na hindi niya ako pababayaan at hindi niya ako parurusahan sa kasalanan ng iba.

Alhamdulillah, tunay na hindi ako nagkamali sa aking ginawa at lalo pang tumibay ang aking paniniwala sa Allah sa pamamagitan ng pag-aaral ko sa pamamanutbay ng aking napakabait na Guro sa Islam si Ma'am Susan al-Masri.

Hinihiling ko kay Allah na panatilihin niya ako sa pananampalatayang Islam hanggang sa Huling Araw at naway igabay din Niya aking pamilya sa tuwid na landas. Ameen.





TALASALITAAN

Adhan: Ito ang pagtawag kapag dumating ang oras ng pagdarasal sa pamamagitan ng pagsigaw ng **Allahu Akbar** 4X (Ang Allah ay Dakila), **Ash-hadu anla ilaha illallah** 2X (Akoy sumasaksi na walang tunay na Diyos maliban sa Allah), **Ash-hadu anna Muhammadan Rasulullah** 2X (Akoy sumasaksi na si Muhammad ay Sugo ng Allah), **Hay alas-Salah** 2X (Halina sa pagdarasal), **Hay alal Falah** 2X (Halina sa tagumpay), **Allahu Akbar** 2X (Ang Allah ay Dakila), **La ilaha illallah** (Walang tunay na diyos maliban sa Allah).

Al-Fatiba: Ang pambungad na kabanata ng Maluwalhating Qur'an.

Alhamdulillah : Ang papuri ay para sa Allah

Allah : Ang pangalan pangtangi ng nag-iisang tunay na diyos na lumikha ng lahat, ang hindi ipinganak at hindi nagka-anak, ang namumukod tangi at walang katulad, ang karapatdapat na sambahin ng lahat.

Allahu Akbar : Si Allah ay dakila.

As-salamu alaykum wa Rahmatullahi wa Barakatuh: Sumainyo ang kayapapaan, habag at pagpapala ng Allah.

Daiyah: Taong nanawagan tungo sa Allah.

Da'wah: ang kahulugan ay pagtawag tungo sa Allah.

Dhikr: Pag-alala sa Allah.



Hadith: ito ang katawagan sa salaysay tungkol sa mga sinabi, ginawa at pinahintulutan ng Propeta Muhammad ﷺ.

Insha Allah: Ipahintulot nawa ng Allah.

Islam: Ang pananampalataya ng pagsuko at pagsunod sa utos ng tunay na diyos.

Muslim: Ito ang mga nilikha ng tunay na diyos na sumusuko at sumusunod sa Kanyang utos.

Mutawwa: ito ang mga taong nag-uutos ng mabuti at nagbabawal ng masama.

Ramadan: Ang ika-siyam na buwan sa kalendaryong Hijri, ang buwan ng pag-aayuno ng mga Muslim.

Riyadh: Siyudad sa Saudi Arabia.

Sunnah: Ang mga sinabi, ginawa at pinahintulutan ng Propeta Muhammad ﷺ.

Salat: Ang limang obligadong pagdarasal ng mga Muslim sa mga itinakdang oras.

Shahada: Ang pagbigkas ng mga katagang **Ash-hadu anla ilaha illallah wa ash-hadu anna Muhammadan Rasulullah** (Akoy sumasaksi na walang tunay na Diyos maliban sa Allah at si Muhammad ay Sugo ng Allah) ito ang binibigkas ng sinumang yumayakap sa Islam.



Subhanallah: Kaluwalhatian sa Allah na malayo sa anumang kapintasan.

Subur: ito ang katawagan sa pagkain bago sumapit ang oras ng pagdarasal sa madaling-araw sa buwan ng Ramadan.

Tahajjud: Ito ang boluntaryong salah na ginagawa sa ikatlong bahagi ng gabi.

❧ (Sallallahu alayhi wa sallam): Mapasakanya ang pagbati ng Allah at kapayapaan. Ito'y sinasambit tuwing mababanggit ang pangalan o ang taguri sa Mahal na Propeta Mohammad.

❧ (Subhanahu wa Ta'ala): Kaluwalhatian sa Kanya ang Kataas-taasan.

PASASALAMAT

Unang-una sa lahat, pinasasalamatan ko ang Allah Subhaana wa Ta'ala sa biyayang pinagkaloob Niya sa akin upang kayanin kong muling mabuo ang ikalawang yugto ng aklat na pinamagatang ISLAM: BAKIT KO ITO NIYAKAP?

Sa aking tanging anak at sa kanyang supling na patuloy na nagbibigay inspirasyon sa akin sa bawat araw. Hinihiling ko sa Allah na igawad sa aking anak ang liwanag tungo sa tamang landas. Nais ko ring iparating ang aking pasasalamat sa aking mga kapatid na sina Huda Lucero – Lopez, Ruqqaïyyah Lucero – Bilog at sa lahat ng mga Muslim na kamag-anak.

Ang Allah ay Mapagpala at Mahabagin. Biniyayaan din Niya ako ng mga malalapit na kaibigan at kapatid sa Islam na nagsilbing tanglaw sa oras ng



aking mga pagdadalamhati, kagipitan at pagsubok na dumating sa aking buhay. Sila ay ang mga sumusunod:

Maryam Gonzaga, Layla Cruz, Jamila Meyer, Aisha Sison, Aisha Jaud, Naura Asa, Shaima Mesederio, Ahlam Gerada, Hajar Torres, Yasmin Hassan, Heba Romualdo, Sahada Piang, Susan Al-Masri, Yusuf Butucan, Ahmad Jibril Salas, Mohammed de la Pena, Omar Penalber, Mansour Meyer at sa lahat ng bumubuo ng Philippine Association of Muslimah, Dar Al Eeman, Inc.


Pinasasalamatan ko rin ang mga kinikilala at iginagalang na Shaikh na sina Shaikh Nuh Al Qurain, Shaikh Abdullah Al Rajhi, Dr. Mohammad Al Saleh, Mohammed Al Eraij, Shaikh Abdulrahman Al Muhrij, Dr Abdulkarim Al Saeed, Ra'ed Al Rukban, Dr. Abdullah Al Rabeeah, Shaikh Ahmed Al Mutrafi, Khalid Al Enezi at hindi ko rin nakakalimutan si Sister Shukran As-Sabbagh, Haifa Al Rasheed at ang lahat ng mga Muslim kong kapatid na matiyagang nagsisipag-aral sa Dar Al Eeman-Riyadh. Lahat sila ay may kanya-kayang katangiang ipinamalas sa akin at lalung-lalo na sa kanilang mga tumulong sa pagbuo at pagsasaayos ng aklat na ito. Nawa'y biyayaan sila ng busilak na kalooban at igawad sa kanila ang hantungan ng buhay malayo sa anumang kakulangan, ang Paraiso na walang hanggan.

Nais ko ring ihandog ang aklat na ito sa lahat ng mga kababaihan, higit sa aking butihing ina na siyang nagmulat sa akin ng lahat ng kabutihan at upang maging isa ring mabuting anak at maging mapagmahal sa aking mga kapatid, Muslim man sila o hindi.

Hangad ko ang tagumpay at kapayapaan para sa lahat. Nawa'y tanggapin ng Allah Subhana wa Ta'ala bilang mabuting gawa ang munti kong handog na ito para sa lahat.

Ang sabi ng Allah ﷻ sa Banal na Qur'an: "*Wa ma khalagtul jinna wal insa illa liya' budoon.*" (At hindi Ko nilikha ang Jinn at tao maliban sambabin nila Ako.)

As-salamu alaykum wa Rahmatullahi wa Barakatuh!



Para sa karagdagang kaalaman sa sumulat ng aklat ay makipag-ugnayan lamang sa mga sumusunod:

Philippine Association of Muslimah
Dar Al Eeman, Incorporated
(PAMDAE, INC.)
Room 223 & 224 Tia Maria Building
C.V. Starr Avenue, Pamplona II
Las Pinas City , Philippines
Tel. No. 00632 873 5336
Email Address: pamdae_2003@yahoo.com
Website: www.pamdae.com
Contact Person: Huda Lucero-Lopez

PAMDAE, INC.
General Santos City Branch
Sy Building, Salazar Street
General Santos City , Mindanao , Philippines
Contact Person(s): Ustadz Moctar Alangan/Nancy Barcelona

Zainab P. Lucero
Finance Department – Central Region
King Abdulaziz Medical City
P. O. Box 22490, Riyadh 11426
Kingdom of Saudi Arabia
Tel. No. 09661 252 0088 Ext. 43727
Celfon No.: 0503123520
Email Address: luceroC@ngha.med.sa or Cecilia_2644@yahoo.com

Para sa karagdagang Islamikong Aralin sa wikang Pilipino ay buksan lang ang: www.islamisip.webs.com



Wakas...



الإسلام
ISLAM



لماذا قبلت؟
Bakit Ko Ito
Niyakap
?

(Ikalawang Yugto)

Tinipon ni:

Zainab Lucero

with illustrations by the author